


Tomo XXXI Blg. 11 Nobyembre 2001

EDITORYAL

Ibayong isulong ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa!





www.angbayan.org

NILALAMAN

- **1 Editoryal:** Ibayong isulong ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa!
- 4 Ilang aral mula sa mga kamalian at kabiguan ni Misuari
- 6 Mga punto hinggil sa mga kasunduan ng MNLF at GRP
- Kulang na kulang ang pagbaba ng presyo ng langis
- **Q** Mga ulat koresponsal:
 - (8) Pagtindi ng militarisasyon sa TK
 - (10) Kampanyang militar laban sa Abu Sayyaf
 - (12) Mga paglabag sa mga karapatang-tao sa Basilan
 - (13) Operasyong militar sa Cagayan Valley
 - (14) Paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Catanduanes
 - (15) Mga kwentong taktikal na opensiba sa Bikol

19 Bagong papet ng imperyalismo sa Afghanistan

20 Mga balita

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nagaanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Inilalabas ang AB sa Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Ingles. Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

Ibayo pang lumala ang krisis ng imperyalismo sapul nang maganap ang teroristang atake sa US noong Setyembre 11 at inilunsad ng US ang gerang agresyon nito sa Afghanistan. Sa Pilipinas, bagong sakit ng ulo ng naghaharing sistema ang pagtatakwil ni Misuari sa pakikipagkasundo ng MNLF sa gubyerno at ang pagputok ng labanan sa pagitan ng paksyong Misuari ng MNLF at mga sandatahang pwersa ng gubyerno.

Ang tuluy-tuloy at mabilis na lumalakas na mga suhetibong pwersa ng rebolusyon—ang Partido, hukbong bayan, rebolusyonaryong kilusang masa at nagkakaisang prente—ay nasa mas mahusay na katayuan ngayon upang isulong ang digmang bayan sa harap ng umiiral na napakainam na sitwasyon para sa rebolusyon.

Ibayong panunupil ang tugon ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo sa tumitinding krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Pinagsasabay ngayon ng rehimen ang pagpapatindi ng mga atake sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan at pagmamatigas sa usapang pangkapayapaan.

Pangunahing kinokonsentrahan ng mga sandatahang pwersa ng gubyerno ang BHB at rebolusyonaryong base nito. Sa kasalukuyan, 75% ng panagupang pwersa ng AFP at CAFGU (55,288 tauhan) ang nakakonsentra sa BHB. Mayroon din itong 11,600 tauhang nakatutok sa MILF at 8,700 sa Abu Sayyaf.

Samantala, sa kabila ng kaisahan na ng NDFP at GRP panel na ituloy na ang usapang pangkapayapaan, inaantala pa rin ng rehimen ang pagsusulong nito. Iginigiit ng rehimen ang kundisyon nitong itigil ng NDFP ang binabansagan ng GRP na mga "pampulitikang asasinasyon". Labag ito sa saligang prinsipyong nilalaman ng Deklarasyon sa The Hague noong 1992, ang sandigang kasunduan ng usapang pangkapayapaan, na ang usapan ay isasagawa nang walang prekundisyong ipapataw sa alinmang panig. Ang pagpataw ng kundisyong ito ay pamimilit sa NDFP na bitiwan ang tungkulin nitong ipatupad ang hustisya alinsunod sa mga kapasyahan ng mga reboluyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika at hukumang bayan.

Ipinakikita nito na wala sa prayoridad ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang usapang pangkapayapaan. Ito ang dahilan kung bakit kabi-kabila ang pagpapataw nito ng mga kundisyon at arbitraryong sinususpinde ang usapan. Sa kasalukuyan, mas interes ng rehimen ang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng todo-largang digma.

Sa hangaring gapiin ang rebolusyonaryong kilusan,

ipinatutupad ng kaaway ang taktika ng konsentrasyon upang samantalahin ang estratehikong superyoridad nito sa militar kumpara sa BHB. Briga-brigadang tropa ang itinatambak ng AFP sa unang prayoridad na 13 larangang gerilya (na layon nitong wasakin hanggang 2002) at doo'y ipinatutupad ang maiigting na opensiba at walang pakundangang pananalasa sa mamamayan. Isinasagawa ito ng kaaway sa balangkas ng Oplan Makabayan/Balangai.

Dahil sa kakulangan ng pwersa at rekurso ng AFP, napupwersang magprayoridad sa ilang piling target ng konsentrasyon ang bawat area command: Mindoro Oriental (SOLCOM at pambansang kumand ng AFP); Isabela-Quirino-

Aurora-Nueva Ecija (NOLCOM), Bohol (VISCOM), at Rehivong Caraga (SOUTHCOM). Sunod sa Basilan, pinakamataas ang konsentrasyon ngayon ng kaaway sa Mindoro Oriental. Sa direktang utos ni Macapagal-Arroyo, ibinuhos sa Mindoro ang kalahati ng 13 batalyong panagupang pwersa ng AFP na nakatambak ngayon sa Timog Katagalugan at dalawang batalyon ng PNP.

Dulot ng mga konsentradong operasyong ito ng sandatahang pwersa ng kaaway, ang kapakanan at mga karapatang-tao ng mamamayan ay walang patumanggang niyuyura-

kan. Bunsod ito ng tinatawag nilang "back-to-basics orientation", na walang iba kundi ang pagbabalik sa saligang lantay-militar na oryentasyon at pagbitaw sa dating mga mapagpanggap na civic action.

Walang pakundangan ang ganitong oryentasyon sa pagtrato at epekto sa mamamayan. Kapansinpansin ang pagdami ng biktima ng pwersahang pagpapalikas laluna sa Mindanao at Mindoro. Nagdudulot ito ng matinding hirap at pinsala sa mamamayan, at sa gayon ng higit na pagkakahiwalay ng kaaway sa mamamayan.

Ang ating linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa loob ng yugto ng estratehikong depensiba ay ipinatutupad natin sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang laking taktikal na opensibang kayang maipagwagi ng

hukbong bayan laban sa mahihinang bahagi ng kaaway sa pinakamaraming larangang nakakalat sa buong bansa.

Sa harap ng konsentrasyon ng kaaway sa ilang larangang gerilya, kinakailangan nating maglunsad ng paparaming taktikal na opensiba sa mas maraming bahagi ng bansa. Sa gayong paraan, mapipilitan ang kaaway na banatin ang pwersa at pansin nito sa paparaming larangang gerilya at papalawak na saklaw ng labanan. Kasabay ito ng pagbira natin sa nahihiwalay na maliliit at mahihinang bahagi ng malalaki at malalakas na konsentrasyon ng kaaway.

Sa gayong proseso, tuluy-tuloy tayong

Tuluy-tuloy tayong

nagpapalakas at antas-

antas na mapapahina

ang kaaway. Ang

estratehikong

superyoridad ng kaaway

sa usaping militar, ay

laging maaaring

itransporma sa taktikal

na supervoridad ng

rebolusyonaryong

armadong pwersa.

nagpapalakas at antas-antas na mapahihina ang kaaway. Ang estratehikong superyoridad ng kaaway sa usaping militar, ay laging maaaring itransporma sa taktikal na superyoridad ng rebolusyonaryong armadong pwersa. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa.

Kaugnay nito, mainam ang matagumpay na paglulunsad ng taktikal na opensiba ng BHB sa Cateel, Davao Oriental nitong Nobyembre 10. Sa labanang ito,

nalipol ng BHB ang 18 sundalo mula sa himpilan ng 27th Special Forces Company ng AFP, nasugatan ang 11 pa at nasamsam ang 21 matataas na kalibreng armas.

Mahalagang sariwain at pagsikapang ipatupad ang panawagan ng Partido noong ika-32 anibersaryo ng pagtatatag ng BHB: ang pagsasagawa ng serye ng kakayaning mga taktikal na opensiba ng mga pwersa ng hukbong bayan na nakakalat sa mahigit 100 larangang gerilya. Ang pagkuha natin mula sa kaaway ng kahit abereyds na tig-10 riple bawat buwan sa bawat larangang gerilya ay mangangahulugan ng lumalaking naiipong tagumpay sa digma. Tiyak itong babanat sa pwersa ng kaaway at maglalantad ng mahihinang bahagi nitong mas madali nating malilipol. All

Ilang aral mula sa mga kamalian at kabiguan ni Nur Misuari

abiguan ang kinahinatnan ng mahabang serye ng mga kamalian at oportunismo sa pamumuno ni Nur Misuari sa Moro National Liberation Front (MNLF). Kinatangian ito ng palasuko at walang kwentang pakikipagkasundo sa gubyerno, pagkalunod sa kabulukan ng reaksyunaryong sistemang pampulitika at, nang magipit dito, paghantong sa mga desperado at unsyaming mga aksyon.

Matapos mahiwalay sa loob mismo ng MNLF at sa mamamayang Moro, nagtangka si Misuari na makabawi sa huling sandali sa pamamagitan ng pagpapaatake nitong Nobyembre 20 sa kampo ng 104th Brigade ng AFP sa Jolo, Sulu. Bigo ang desperadong planong ito para mapigilan ang eleksyon sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) na nagtapos sa kanyang pagiging gubernador.

Ang mga pwersa ng MNLF na dapat maaga pa at maayos sanang naiatras para sa seryosong pagbabalik sa armadong pakikibaka at pagtatakwil sa kasunduang anti-Moro ay nalustay lamang sa pagsabak sa kanila sa 👄 mga adbenturistang pag-atake. Napaghandaan ng AFP ang atake kaya minimum ang mga kaswalti sa panig nito. Isang malaking dagok ang pangyayari sa mga pwersa ng MNLF na pinamumunuan ni Misuari laluna't mula sa hanay nila ang karamihan sa humigitkumulang 150 kaswalti sa labanang ito. Bigo rin ang pakikipaglaban sa AFP ng iba pang pwersa ng MNLF na naiwan ni Misuari sa Zamboanga at Maguindanao nang tumakas siya patungong Malaysia. Naunahan at nakumpiskahan ng mga armas ang iba pang pwersa ng MNLF sa Cotabato City. Umani rin sila ng galit ng mamamayan dahil sa kawalan ng pagsaalang-alang sa kaligtasan ng mga sibilyan at nang-hostage pa sila ng mahigit 160 sibilyan sa pagtakas.

Ang serye ng mga kabiguang dinanas ng paglaban ng MNLF sa ilalim ng pamumuno ni Misuari, na sumapit ngayon sa sukdulan, ay resulta ng istorikong panloloko at pang-aaping ginawa at patuloy na ginagawa ng reaksyunaryong rehimen mula pa noong panahon ng diktadurang Marcos hanggang sa kasalukuyan sa proseso ng pakikipagnegosasyon at pagbibigay-kunsesyon diumano sa mamamayang Moro na lumalaban sa gubyerno. Resulta rin ito ng naging palasuko at oportunistang

patakaran at asal ni Misuari sa pakikipagkasundo at tuluyang pagsanib sa reaksyunaryong gubyerno sa anyo ng isang huwad na awtonomus na

pamahalaang rehiyunal.

Dulot ng mga ito, matinding batikos ang inabot ni Misuari mula sa mga rebolusyonaryong pwersa. Nang makipaglokohan sina Misuari sa diktadurang Marcos sa pagbubuo ng Tripoli Agreement, humiwalay ang mga pwersa ng MNLF na nagnanais na tuluy-tuloy na isulong ang rebolusyong Bangsamoro at binuo nila ang MILF. Pagkatapos muling magpalinlang si Misuari sa rehimeng Ramos noong 1996, karamihan sa mga pwersa ng MNLF

na nanatiling matapat sa adhikain ay lumipat na rin sa MILF. Habang tumatagal, nakikita ng iba pang pwersa ng MNLF at mamamayang Moro na ang pakikipagkasundo ng MNLF sa gubyerno ay walang ibinubungang bentahe sa kanila at sa kanilang pakikibaka laban sa pambansang pang-aapi at para sa pagpapasya-sa-sarili. Higit na malinaw nilang napagtatanto ang kabiguang kinasadlakan ng pakikibaka ng MNLF sa ilalim ng pamumuno ni Misuari.

Marami sa mga tumagal pang nanatili sa MNLF ang hindi nakatiis sa nakita nilang katiwalian at kabulukan ni Misuari. Nitong Abril 2001, pinatalsik ng Konseho ng 15 (o Komiteng Tagapagpaganap) ng MNLF si Misuari bilang tagapangulo sa pamamagitan ng "pagretiro" sa kanya patungong "chairman eme-

ritus" o "tagapangulong pandangal". Pinagtibay ng Komite Sentral ng MNLF ang desisyong ito. Ayon sa resolusyong binuo ng Konseho ng 15, ganap na silang nawalan ng tiwala kay Misuari. Tinukoy nito ang kanyang "diktatoryal, arogante at mapanghating estilo ng pamumuno". Anang resolusyon, "Mula sa pagpirma sa kasunduang pangkapayapaan ng GRP at MNLF noong Setyembre 2, 1996 at pag-upo ni Misuari bilang gubernador ng ARMM at tagapangulo ng SPCPD, sa pangkalahatan ay wala siyang nakamit para sa kapakanan ng MNLF at ng mamamayang Bangsamoro."

Pumasok ang bagong pamunuan ng MNLF sa taktikal na alyansa sa MILF at nagbuo sila ng Unity Pact (Kasunduan ng Pagkakaisa) na nagbubukas sa magkasanib na paghawak ng MILF at MNLF sa kapangyarihan sa konteksto ng maaaring mabuong panibagong kaayusan para sa awtonomya ng Bangsamoro.

Nagsikap maghabol si Misuari sa dumadausdos na niyang kapangyarihan at prestihiyo. Ipinatawag niya ang Ika-4 na Kumperensya ng Mamamayang Bangsamoro sa Zamboanga City noong Abril 29-30. Sa porum na ito, idineklara niyang bumabalik na ang MNLF sa orihinal na layunin nitong magtayo ng isang hiwalay na Republikang Bangsamoro. Nagbitiw siya ng papuri sa tuluy-tuloy na paglaban ng MILF at sa pagdadala nito ng linya ng kasarinlan at pinalabas din niyang kalahok sa kumperensya ang mga pwersa ng MILF. Nagbanta siyang babalik sa armadong paglaban ang MNLF kung patuloy na mabibigo ang gubyerno ng Pilipinas na ipatupad ang Tripoli Agreement.

Inaasahan ni Misuari na katulad noong mga panahon ng rehimeng Ramos at rehimeng Estrada, patuloy niyang maaantala ang pagdaraos ng panibagong eleksyon sa ARMM sa pamamagitan ng pagbabanta sa gubyerno upang patuloy siyang payagang umupo bilang gubernador ng rehiyon. Subalit sinamantala na ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang pagpapatalsik sa kanya bilang tagapangulo ng MNLF, ang pagkitid ng personal na base niya at ang pagbagsak ng kanyang kapangyarihan at prestihiyo. Mas interesado na si Macapagal-Arroyo na gamitin ang ARMM para makakuha ng suporta sa kanyang reeleksyon sa 2004.

Gumawa ang rehimen ng iba't ibang paraan para limitahan ang kapasidad ni Misuari na muling makapagmaniobra. Nireyd ng PNP ang bahay ng isa sa mga asawa niya at kinumpiska ang mga armas ng PNP na nakaimbak doon. Inakusahan din ng PNP si Misuari ng pag-iimbak ng armas sa Marawi at ng pagbabalak na maghasik ng gulo sa Zamboanga at Lanao del Sur. Ilang ulit na sadyang hinaras ng AFP at PNP ang mga pwersa ng MNLF na nasa pamumuno niya upang hamunin silang lumaban. At nabitag nga si Misuari sa Ang
pakikipagkasundo
ng MNLF
sa gubyerno
ay walang
ibinubungang
bentahe sa kanila
at sa kanilang
pakikibaka laban
sa pambansang
pang-aapi at para
sa pagpapasya-sasarili.

pagsabak sa adbenturistang pag-atake at pagdanas ng malalaking pagkatalo ng malaking pwersa ng MNLF sa Jolo at mga kasunod pang labanan. Nawala na ang dating suporta sa kanya ng Malaysia at alanganin na rin ngayon ang suporta sa kanya ng OIC. Nitong Nobyembre 24, dinakip siya ng mga awtoridad ng Malaysia sa Jampiras, bandang Sabah, at ngayo'y nakakulong sa Malaysia.

Sa harap ng mahabang serye ng mga kamalian, kabiguan at oportunismong kinalubugan ng MNLF sa pamumuno ni Misuari, lalong tumaas at kuminang ang prestihiyo ng MILF bilang tagapamandila ng pakikibaka ng Bangsamoro laban sa pambansang pang-aapi at para sa pagpapasya-sa-sarili. Bunga ito ng patuloy na mahigpit na pagtataguyod nila sa mga saligang interes ng mamamayang Moro at sa kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili, determinadong pagsusulong ng armadong pakikibaka at pagtangging magpalinlang sa hapag ng usapang pangkapayapaan o sumuko sa harap ng mga todong atake ng gubyerno.

May signipikanteng bilang pa ang mga naiwan ni Misuari sa paksyon niya sa MNLF. Katulad ng iba pang dating kasamahan nilang sumanib na sa MILF, malaking bilang sa mga ito ay nais pa ring magpatuloy sa pakikibaka laban sa pambansang pang-aapi at para sa pagpapasya-sa-sarili. Mainam kung sa gayong direksyon ang patutunguhan nila ngayon sa harap ng mga kabiguang pinagdalhan sa kanila ng naging bangkarote, oportunista at bigong pamumuno ni Misuari.

Mga punto hinggil sa itinakbo ng mga kasunduan sa pagitan ng MNLF at GRP

SA TULAK NG LIBYA AT NG ORGANIZATION OF ISLAMIC Conference (OIC), pumasok ang rehimeng Marcos at ang MNLF sa Tripoli Agreement noong pagtatapos ng 1976. Itinali na kaagad nito ang MNLF sa balangkas ng "soberanya at teritoryal na integridad" ayon sa depinisyon ng umiiral na reaksyunaryong gubyerno. Kaagad pumaloob ang MNLF sa pakikipagtigilputukan sa gubyerno. Tulad ng inasahan ng diktadura, ang kasunduan ay nagpalubay sa presyur ng mga Islamikong estado sa gubyernong Marcos, at kasabay niyon nagsilbing pabigat at pumigil sa momentum ng paglaban ng MNLF.

Sentral na nilalaman ng kasunduan ang pagtatatag ng awtonomya sa 13 prubinsya at siyam na syudad sa Mindanao, Sulu at Palawan. Bukod sa hindi malinaw kung papaano maitatayo ang awtonomus na rehiyon sa naturang saklaw, hindi rin malinaw kung papaano maipatutupad ang pamumuno ng MNLF sa mga lugar kung saan maliit na porsyento lamang ang mamamayang Moro. Sa anu't anuman, walang anumang balak, kaya walang ginawang anumang hakbangin ang diktadura para pairalin ang tunay na awtonomya. Sa kunwang pagpapatupad ng kasunduan, nagdagdag ang rehimeng Marcos ng mga kundisyong wala roon, tulad ng pangangailangan muna ng plebisito kung sasang-ayon ang iba't ibang prubinsya at syudad na sumama sa itatayong awtonomus na rehiyon. Nagtayo si Marcos ng dalawang "espesyal na rehiyon" (Regional Autonomous Government-9 sa Central Mindanao at Regional Autonomous Government-12 sa Sulu), na nasa ilalim ng mahigpit na kontrol ng Malakanyang, "awtonomus" lamang sa pangalan, ni wala man lamang sariling badyet at kahit pakitangtaong lehistatura. Hindi na rin niya pinalahok dito ang MNLF, at sa halip tinauhan niya ang ito ng mga sumukong kumander ng MNLF at mga alipures niyang pulitikong Muslim. Dulot nito, noong 1977 ay umatras ang MNLF sa tigil-putukan at bumalik sa armadong paglaban sa gubyerno hanggang sa bumagsak ang diktadura bunga ng unang pag-aalsa sa EDSA. Pero hindi na nakabalik ang MNLF sa lakas ng paglaban nito noong bago ang Tripoli Agreement.

May panaka-nakang mga pag-uusap sa pagitan ng MNLF at ng rehimeng Aquino. Sa udyok ng OIC, pumasok ang MNLF at GRP sa tigil-putukan noong Setyembre 1986. Noong Enero 1987, binitiwan na ng MNLF ang panawagan nito para sa kasarinlan at pumayag na pumaloob sa programa ng gubyerno para sa awtonomya. Batay sa probisyon ng konstitusyong 1987 ng bagong gubyerno, binuo ang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Ngunit nang idaos ang plebisito para rito, aapat na prubinsya ang nagawang maipaloob sa awtonomus na gubyerno (Maguindanao, Lanao del Sur, Sulu at Tawi-tawi). Kasabay ng pakikipag-usap sa MNLF, tuluy-tuloy itong ikinampanya ng rehimeng Aquino para pahinain ang internasyunal na suporta sa MNLF. Nang matagumpay na nasagkaan ng rehimen ang pagpapaloob ng MNLF sa OIC noong Pebrero 1988, upisyal na idineklara ng MNLF ang pagbabalik sa armadong paglaban. Gayunpaman, hindi na ito gaanong nakabwelo sa paglaban.

Noong 1996, sa ilalim ng rehimeng Ramos at sanhi ng presyur ng OIC, pumasok ang GRP at MNLF sa kasunduang mas malabnaw pa sa Tripoli Agreement. Ang pagpasok ni Misuari sa kasunduang ito ay isa nang lubusan at tahasang kapitulasyon at pagtataksil sa pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Tinanggap niya ang pamumuno sa isang napakalimitado at sa katunaya'y bogus na kaayusang awtonomus. Pumayag siyang ilimita muna ito sa makitid na saklaw ng ARMM habang diumano'y pasasaklawin pa ito batay sa magiging resulta ng mga plebisito sa hinaharap hanggang sa kalauna'y masasaklaw na rin nito ang 14 (nahati sa dalawa ang isang prubinsya, kaya nadagdagan ng isa) na prubinsya at siyam na syudad na tinukoy ng Tripoli Agreement at tinawag sa bagong kasunduan na Special Zone of Peace and Development (SZOPAD). Sa plebisito na ipinatawag ng rehimeng

KULANG NA KULANG ANG PAGBABA NG PRESYO NG LANGIS

SADYANG KULANG NA KULANG ANG 30 sentimos na ibinaba ng presyo ng bawat litro ng gasolina at 20 sentimos ng diesel nitong Nobyembre. Pangatlo na sa loob ng dalawang buwan ang rolbak na ito. Nagpatupad ng 21 sentimo hanggang 35 sentimong pagrolbak ang mga kumpanya ng langis noong Oktubre 11. Muli nitong ibinaba ang presyo ng petrolyo noong Oktubre 25 nang 20 sentimos hanggang

35 sentimo. Sa kabila nito, malayo ang barya-baryang pagbababa na ito sa aktwal na ibinababa ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Kung pagsasamahin, kulang sa 3% lamang ito sa pagkabuuang presyo ng mga produktong petrolyo.

Bumaba ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan bunsod ng pagbagal ng pandaigdigang produksyong industriyal at pagkitid ng mga pamilihan. Mula Setyembre, halos sangkatlo ang ibinagsak ng presyo nito. Mula \$25 bawat bariles, \$17 na lamang ito

■ Macapagal-Arroyo nitong Agosto, nadagdagan ng isang prubinsya at isang syudad ang saklaw ng ARMM nang sumang-ayong ipaloob dito ang Basilan at Marawi City.

SUKLI

MO.

Nagkasya na lamang si Misuari sa pagiging gubernador ng ARMM. Hinubad niya ang nalalabing pagkukunwang rebolusyonaryo at bumagsak siya sa pagiging tradisyunal na pulitiko, gaya sa gawi nilang pangungurakot sa kaban ng bayan, pagpapayaman sa sarili, pamumuhay nang marangya at sukdulang pagpapabaya sa kapakanan ng mamamayan.

Para kunwa'y may kapangyarihan si Misuari sa SZOPAD, hinirang din siya ni Ramos bilang tagapangulo ng Southern Philippines Council for Peace and Development (SPCPD). Ipinain kay Misuari ang halagang P20 bilyong pangakong badyet para sa kanyang pagsasalamangka, bagamat kalahati lamang nito ang aktwal na naibigay.

Sa ilalim ng mga rehimeng Ramos at Estrada, nagawa ni Misuari na antalain nang antalain ang pagdaraos ng halalan para sa ARMM upang patuloy na makaupo bilang tagapangulo niyon. Ngunit desididong itinuloy na ito ng rehimeng Macapagal-Arroyo upang alisin na rin si Misuari at ipalit sa kanya si Parouk Hussin ng Konseho ng 15, ang bagong pamunuan ng MNLF, matapos nilang maalis si Misuari bilang tagapangulo nito.

Ilang linggo pagkatapos ng pagpapatalsik kay Misuari bilang pinuno ng MNLF, tinanggal naman siya ng Malakanyang bilang tagapangulo ng SPCPD. Ipinalit sa kanya si Muslimin Sema, Pangkalahatang Kalihim ng MNLF sa pamumuno ng Konseho ng 15 at kasalukuyan ding alkalde ng Cotabato City.

Nakipagkoordina ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa Konseho ng 15 sa pamamagitan ni Norberto Gonzales, tagapangulo ng Partido Demokratiko-Sosyalista ng Pilipinas (PDSP) at tagapayo ng presidente para sa mga "natatanging usapin". Ang PDSP ay isang makakanang partido pulitikal na may mahabang kasaysayan ng pakikipag-ugnayan sa MNLF mula pa noong panahon ng diktadurang Marcos.

May pansariling layunin si Macapagal-Arroyo sa mga ginagawa nitong maniobra sa panggigipit at pagpapatalsik kay Misuari. Pangunahin na ang balak nitong ipailalim sa mahigpit na kontrol ang ARMM bilang paghahanda para sa reeleksyon niya sa 2004. Bagamat mahigit isang milyon lamang ang botante sa ARMM, ang mas mahalaga'y magamit ito bilang solidong base para sa pagmamanipula ng boto ng malaking bahagi ng mamamayang Moro maging sa mga lugar na labas sa ARMM. Nais din ng rehimeng akitin ang Moro Islamic Liberation Front na makipagkasundo na sa gubyerno sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng puwang sa balangkas ng ARMM, kasama ang bagong pamunuan ng MNLF.

Natuloy ang eleksyon ng ARMM nitong Nobyembre 26. Nanalo at pumalit kay Misuari si Parouk Hussin ng Konseho ng 15. 🕮



Direktang atas ni Macapagal-Arroyo

Pagtindi ng militarisasyon sa Timog Katagalugan

a hibang na pagnanasa ng rehimeng
Macapagal-Arroyo
na durugin ang rebolusyonaryong kilusan, pinili
nitong lunsaran ng malawakan at malulupit na kontrarebolusyonaryong kampanyang panunupil ang
rehiyon ng Timog Kataga-

lugan. Sunod sa Basilan, ang Timog Katagalugan ngayon ang may pinakamalaking konsentrasyon ng tropang militar. Umaabot na sa 13 panagupang batalyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ang nakatalaga sa rehiyon.

Sa kasalukuyan, may dalawang brigada na ng Philippine Army (PA), isang *task force* at isang *task group* ang nakadeploy sa Timog Katagalugan.

Sinasaklaw ng 201st Bde ang ikatlo at ikaapat na distrito ng Quezon at nasa ilalim nito ang tatlong batalyon—ang 74th, 76t^h at 59t^h IB.

Sinasaklaw naman ng Joint Task Force Banahaw (JTFB) ang mga lalawigan ng Batangas, Laguna, Hilaga at Gitnang Quezon at ang isla ng Mindoro. Nagsisilbing punong himpilan ng JTFB, na pinamumunuan ng pusakal na

■ ngayon. Kung ihahambing sa nakaraang taon, 34% ang ibinagsak ng halaga nito at 50% naman kung ang pagbabatayan ay ang halaga nito noong Mayo 2001, kung kailan ipinatupad ng Organization of Petroleum Exporting Countries ang pinakahuli nitong pagbabawas ng produksyon.

Ayon sa sukatang ginagamit ngayon ng mga konsumerista, tulad ng Consumer and Oil Price Watch, na halaw mula sa dating ginagamit ng ERB, ang bawat dolyar na ibinababa o itinataas ng presyo ng bawat bariles ng krudong langis sa Dubai ay may kaukulang 27 sentimos na pagbaba o pagtaas sa presyo ng bawat litro ng mga produktong petrolyo

sa bansa. Ayon din dito, ang bawat pisong ibinababa o itinataas ng palitan ng piso sa dolyar ay magbababa o magtataas nang 12 sentimos kada litro ng produktong petrolyo.

Kung gagamitin ang pormulang ito, hindi bababa sa 60 sentimos bawat litro ang dapat na ibinaba ng presyo ng mga produktong langis nitong Nobyembre. Mula Setyembre, dapat ay inirolbak na ang presyo ng langis nang mahigit P2! Gayunpaman, 12% lamang ito ng pangkabuuang presyo ng langis at malayo sa sangkatlong ibinaba ng krudong langis.

Dulot ng deregulasyon ng industriya ng langis at tanda ng kahayukan sa tubo ng mga kumpanya ng langis, arbitraryong itinatakda ng mga ito ang mga pagbabago sa presyo ng mga produktong petrolyo. Kung gaano sila kabilis magtaas ng presyo kailanma't naisin ay siya naman nilang kupad sa pagbababa nito. Idinadahilan nila sa pabarya-barya at mabagal na pagbababa ng presyo ang inaantabayan nilang muling pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Magbaba man sila ng presyo, ito ay para lamang umilag sa mga batikos at maiiwas sa atake ang pagpapatuloy ng batas sa deregulasyon. Ni bahagya ay hindi nito nahahatak ang sumisirit na presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo. AB

pasistang si Col. Jovito Palparan, ang punong himpilan ng kabubuong 204th Bde.

Samantala, nasa ilalim ng 204th Bde ang mga isla ng Mindoro at Romblon. Personal at lubusang sinuportahan ni Macapagal-Arroyo ang malawakang mga operasyong militar sa Mindoro nang pumunta siya roon noong Oktubre 1. Ang Mindoro Oriental ngayon ang may pinakamalaking deployment ng pwersang militar sa rehiyon. Umabot na ito sa pitong batalyon ng Philippine Army infantry at special forces—ang 16th IB na bagong balik mula Mindanao, ang 68th IB na galing Pangasinan, ang 3rd Scout Ranger Battalion na may dalawang kumpanya (2nd SRC at 18th SRC), 3rd Special Forces Battalion na may dalawang kumpanya (34th SFC at 22nd SFC), ang 6th SFC ng 4th Special Forces Battalion at ang mga bagong dating na 52nd RECON Company at isang kumpanya ng 56th IB mula Hilagang Luzon. Ipinailalim din sa 204th Bde ang Naval Task Force 31 para magsilbing suportang nabal at artilerya sa pananalakay ng tropang katihan.

Bukod rito, nasa Oriental Mindoro rin ang 3rd SAF Battalion ng PNP habang nasa Occidental Mindoro naman ang lakingbatalyong Regional Mobile Group. Nasa

Palawan naman ang dalawang batalyon ng Philippine Marines.

Binuo rin kamakailan ang Task Group Rizaldo na pinamumunuan ng bantog-sa-kalupitang si Col. Efren Orbon ng 1st IB. Nasa ilalim nito ang tatlong kumpanya ng Special Operations Command (SOCOM) ng PA. Ang Task Group Rizaldo ang tagapangalaga sa mahahalagang instalasyon sa loob ng rehiyon tulad ng Malampaya Gas Pipeline sa Palawan at ng Hopewell Coal-Fired Power Plant sa Pagbilao, Quezon.

Ang makapal na konsentrasyon ng mga reaksyunaryong tropa at ang walang humpay na mga operasyong militar sa Timog Katagalugan ay patuloy na nagdudulot ng malalalang paglabag sa karapatang-tao. Di hamak na mas marami at mas malupit ang gayong mga paglabag sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo kung ihahambing sa mga naganap sa panahon ng pinatalsik na rehimeng Estrada.

Sa loob lamang ng unang walong buwang panunungkulan ni Macapagal-Arroyo, may naitala

MATITINGKAD NA KASO NG PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO SA TIMOG KATAGALUGAN SA ILALIM NG REHIMENG MACAPAGAL-ARROYO

Kaso	Bilang ng kaso	Blng ng biktima
Paglabag sa IHL	13	13 indibidwal,
		20 komunidad
Pagsalbeyds	9	9 indibidwal
Walang habas na pamamaril	5	22 indibidwal
		12 patay
		5 sugatan
Forced disappearance	9	10 indibidwal
Iligal na detensyon	1	1 indibidwal
Pagtortyur	4	4 na indibidwal
Iligal na pag-aresto	4	25 indibidwal
Pagsira sa ari-arian	4	4 na pamilya
Pagnakaw ng kagamitan	3	6 na indibidwal,
		1 pamilya
Harasment	16	55 indibidwal
Iligal na panghahalughog	7	21 kabahayan
Pananakit	7	11 indibidwal
Pwersahang pagpapalikas	1	15 pamilya,
		90 indibidwal
Pwersahang pagpapasuko	1	1 indibidwal

nang 95 kaso ng paglabag ng Task Force Banahaw at mga tropa ng 201st at 204th Bde sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. May kabuuan itong 279 na indibidwal na biktima sa 20 komunidad at 24 pamilya sa 63 na mga insidente *(tingnan ang talaan)*.

Subalit higit na malalim at malawak ang pinsala at lagim na dulot ng terorismong militar sa mamamayan ng Timog Katagalugan. Higit na malaki ang bilang ng mga kaswalting dulot ng pagkakasakit at pagkamatay ng di mabilang na mga bata at sanggol na Mangyan dahil sa epidemya bunga ng *food blockade*, relokasyon at ebakwasyong ipinatutupad ng Task Force Banahaw-204th Bde sa interyor na mga baryo ng Bongabong sa Mindoro Oriental at ng kawalan ng serbisyong medikal mula sa reaksyunaryong gubyerno.

Daan-daan na ring mga *internal refugee* ang tumungo sa mga sentrong bayan ng Mindoro upang takasan ang malawakang paghahasik ng terorismong militar sa isla. Sa Kamaynilaan, mayroon nang



Kampanyang militar laban sa Abu Sayyaf

Naghahasik ng lagim sa Basilan

aya-gaya sa among imperyalista, naghahasik ng lagim sa Basilan ang gubyernong Macapagal-Arroyo ay sa ngalan ng "digma laban sa terorismo" na nagtatarget at bumibiktima sa libu-libong karaniwang mamamayan. Malupit at barbaro ang kondukta ng "crackdown" ng militar sa

bandidong Abu Sayyaf . Laganap ang pambobomba, pamamaslang, panonortyur, pagsosona, sapilitang ebakwasyon at pagnanakaw.

Hunyo 2 pa lamang ay inilunsad na ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo ang sariling teroristang kampanya, isang malawakang "opensibang militar" na kinasangkutan ng mahigit walong batalyon laban sa ban-

didong Abu Sayyaf sa Lamitan, Basilan. Hawak noon ng Abu Sayyaf ang 21 *hostage* na dinukot nila mula sa isang resort sa Palawan.

Nitong nakaraang buwan, 23 na mga Amerikanong "tagapayo" ang bumase sa Basilan upang sanayin ang mga tropang Pilipino sa gera laban sa "terorismo" at idirihe ang mga operasyon upang iligtas ang dalawang

bihag na Amerikano. Nitong Nobyembre, nang dumaan sa Mindanao si Adm. Dennis Blair, hepe ng pwersang militar ng US sa Asia-Pacific, ininspeksyon niya ang mga operasyon ng AFP sa Basilan.

Noong Hulyo 13, mistulang panahon ng Hapon nang ang mga komunidad, moske at pinagtatrabahuhan ng mamamayan sa Isabela City, Basilan ay sinona ng mga elemento ng 103rd Brigade, kasama ang mga nakamaskarang nagtututuro ng diumano'y mga tagasuporta ng Abu Sayyaf o mga

kriminal.

Walang dala-dalang mga mandamyento de aresto ang mga militar. Ang iwinasiwas lamang nila ay isang memorandum ng Department of

> Justice na nag-aatas ng pag-aresto sa lahat ng elemento at tagasuporta ng Abu Sayyaf. Ang mga pinagtuturo ay dinala



■ 73 *internal refugees* kabilang ang pitong pamilya, 13 kababaihan at 15 paslit.

Maging ang mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao ay binibiktima ng rehimen. Nitong Nobyembre 1, hinaras at sapilitang dinispers ng mga elemento ng PNP ang 12 myembro ng Task Force Tanggol Karapatan (TFTK) na naglulunsad ng isang simpleng programa sa North Cemetery sa Metro Manila para magpahayag tungkol sa matinding militarisasyon sa Timog Katagalugan at mangalap ng suporta. Ang TFTK ay binubuo ng Kalipunan ng Samahang Magbubukid ng Timog Katagalugan, Karapatan-TK, Bigkis at Lakas ng Katutubo sa Timog Katagalugan at BAYAN-TK.

Ang lahat ng ito ay malaking

pananagutan ng rehimeng walang pakundangang lumalapastangan sa karapatan ng mamamayan sa kagustuhan nitong puksain ang rebolusyonaryong kilusan. Nararapat lamang na tumbasan ng mamamayan ng mas determinadong paglaban ang terorismong ihinahasik ng rehimeng Macapagal-Arroyo at ng mga pwersang militar nito sa rehiyon.

sa himpilan ng 103rd Brigade at pinapirma ng mga dokumentong nagsasabing mahusay silang trinato. Pagkapirma sa mga dokumento, piniringan sila at tinortyur. Makaraan ang tatlong araw, dinala sila sa korte at laking gulat nila nang sila pa ang sinampahan ng kasong *kidnapping* at *serious illegal detention*. Umpisa lamang ito ng pang-aaresto at panonortyur sa mamamayan ng Basilan na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Sa aktwal ay batas militar ang nakapangyayari sa Basilan. Naglipana ang mga sundalo. Tadtad ng mga tsekpoynt ang iisang malaking daang naguugnay sa lahat ng anim na bayan at isang syudad sa prubinsya. Laganap ang pagririkisa ng mga gamit at pag-aresto sa mga walang ID. Kahit ang mga bangkang papunta ng Zamboanga ay kailangang may eskort na mga sundalo. Natigil din ang pagaaral ng mga bata dahil ang mga paaralan ay ginagawang baraks ng AFP o kaya'y *evacuation center* kung nagkataong hindi pa ito nawawasak ng bomba at mortar. Ginawang upisyal ni Macapagal-Arroyo ang pag-iral ng batas militar sa Basilan sa pamamagitan ng pagdedeklara ng "state of lawlessness" dito.

Ang 103rd Brigade ang nakatalagang yunit ng AFP sa Basilan. Ang yunit nitong naatasang humabol sa Abu Sayyaf na pinangalanang Task Force Comet ay hinati sa tatlong Task Group: Task Group Thunder sa ilalim ni Col. Hermogenes Esperon; Task Group Lightning sa ilalim ni Col. Pedro Ramboanga at Task Group Tornado sa ilalim ni Col. Renato Miranda.

Mahigpit na katulong ng AFP ang mga CAFGU at civilian volunteer organization (CVO) na inorganisa at inarmasan nila sa halos lahat ng baryo ng Basilan. Ginagamit ang mga CAFGU at CVO upang pag-alabin ang mga alitang relihiyoso at pantribo. Naghahasik sila ng pagdududahan sa hanay ng mamamayan, lalo pa at may mga pabuyang ibinibigay sa mga makapagtuturo sa mga tagasuporta ng Abu Sayyaf.

Dinagdagan pa kamakailan ng AFP ng tatlong batalyon ang pwersa militar upang tugisin daw ang Abu Sayyaf. Subalit sa kabila ng napakalaking bilang ng mga tropang militar na nagsasagawa ng tuluy-tuloy na operasyon sa isla, walang nangyayari sa pagyayabang ni Macapagal-Arroyo na pupulbusin ng mga tropa ng gubyerno ang diumano'y lumiit nang bandidong grupo. Nabunyag kamakailan ang kutsabahan sa pagitan ng Abu Sayyaf at ng pinakamatataas na upisyal ng militar na inatasang tumugis sa bandidong grupo. Kapalit ng kanilang bahagi sa ransom o pantubos na ibinabayad sa Abu Sayyaf, pinalilihis ng naturang mga upisyal ang mga tropang militar mula sa mga rutang atrasan ng mga bandido. Kaya sa halip na madurog ang bandidong grupo, nagpapatuloy at dumarami pa ang dinudukot at pinapatay ng mga ito.

Subalit mga sibilyang Moro ang tunay na binibiktima ng malawakang mga operasyong militar sa Basilan.

Sa rekord ng DSWD hanggang Setyembre 23, may 13,421 nang pamilya (78,736 indibidwal) ang napilitang lumikas dahil sa tindi ng operasyong militar sa Basilan. Sa halos lahat ng bayan ng Basilan ay may ebakwasyon. Pinakamarami ang mula sa Lamitan, Sumisip at Tuburan. Ayon sa fact-finding mission na isinagawa ng Karapatan at 25 pang

kasama nitong organisasyon, pwersadong nagsilikas ang libulibong mamamayan nang simulan ang pambobomba at pag mortar sa mga baryo ng Lamitan, Sumisip, Tuburan, Maluso, Tipo-Tipo at Lantawan. Marami ring kaso ng pagnanakaw mula sa mga bahay na inalisan ng mga nagbakwit.



Mga sibilyang Moro ang tunay na binibiktima ng malawakang mga operasyong militar sa Basilan.

Ikinukulong at

tinotortyur ang mga pinagsususpetsahang sumusuporta sa Abu Sayyaf. Sampung sibilyan ang sinalbeyds ng naninibasib na mga tropa. May dalawang nakaligtas sa pagkakasalbeyds subalit sugatan. Lahat halos ng mga sinalbeyds ay may marka ng tortyur gaya ng pagkapaso. Mayroong mga pinugutan ng ulo. Karamihan sa kanila'y pinagdadampot lamang sa mga pagsosona at tsekpoynt ng militar. Mas masahol pa, marami sa mga ito ay nauna nang biniktima ng Abu Sayyaf.



Ilang matitingkad na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan sa Basilan

Brutal na pagpatay

Pinagbabaril ng mga sundalo ng 32nd IB noong Hulyo 11 nang wala man lamang tanung-tanong sina Pilot Hamajin, 25; ang kanyang kapatid na si Roque, 17; kanilang ina na si Jaang Pulaan, 50; at kanilang ama, pawang taga-Barangay Pipil, Tipo-Tipo, Basilan. Ginawa ito nang makita ng mga tropa ang pamilya malapit sa kanilang sakahan sa Barangay Camamboringan ng parehong bayan. Unang bumagsak si Roque, kasunod ang ina niya. Nang tutulungan sana ng ama ang ina niya, binaril ang ama sa dibdib. Umuwi si Pilot Hamajin para humingi ng saklolo. Ngunit pagbalik niya kasama ang mga kapitbahay, ang bangkay ng ina na lamang ang natagpuan nila. Isinakay pala ang bangkay ng ama at kapatid niya sa helikopter patungong Zamboanga City at iniharap sa midya bilang mga myembro ng Abu Sayyaf na napatay diumano sa labanan.

Tinortyur at sinalbeyds si Nuramum Asunum, 27, taga-Camamboringan. Pauwi siya mula sa ospital ng Lamitan nang patigilin ang kanyang sinasakyang dyip sa tsekpoynt ng 18th

IB. Pinababa siya at pinapasok sa detatsment, pinagsusuntok sa tiyan at iba pang bahagi ng katawan. Makaraan ang ilang minuto, narinig na lamang ng ibang pasahero ang putok ng baril.

Si Asunum ay pinagsuspetsahang tagasuporta ng AbuSayyaf dahil sa mga dala niyang gamot.

Sinalbeyds si Jasan Linungan, 22, noong Hunyo 10. Sina Linungan, Benjie Dilong, 20, Totong Dilong, 18 at Misar Rizal, 23, ay sakay ng pampasaherong dyip patungong sentro ng Isabela nang nirekisa ito ng mga sundalo at CAFGU sa Malige, Isabela. Inakusahan silang myembro ng Abu Sayyaf. Binaril ng mga sundalo si Linungan, na kaagad niyang ikinamatay. Ang tatlo pa niyang kasama ay iligal na ibinimbin nang isang linggo sa isang detatsment sa Isabela. Ginapos sila, pinaso ng sigarilyo at hiniwa ng kutsilyo ang iba't ibang bahagi ng kanilang katawan.

Pagtortyur, iligal na pag-aresto at detensyon

Si Didoy Otong, 26, ay dinampot sa tsekpoynt at tinortyur upang paaminin na siya'y myembro ng Abu Sayyaf. Sinuntok siya sa dibdib, tiyan at tagiliran. Hinubaran siya at sinunog ang kanyang ari gamit ang *lighter*. Dinala siya sa Seaborne Camp sa Maluso, Basilan at doon pinwersang uminom ng alak (*ipinagbabawal ng Islam ang pag-inom ng alak*—**AB**). Nang itapon niya ang iba nito sa semento, pinadilaan sa kanya ang natapon na alak. Noong Hulyo 30, isinakay siya sa trak para dalhin sa Tabiawan Brigade sa Isabela. Habang tumatakbo



ang trak, kinulata ang kanyang likod. Kinabukasan, piniringan ang kanyang mata, dinala sa labas ng kampo, muling pinaaamin at binubugbog kapag hindi sumasagot. Sa sobrang pagpapahirap ay

apat na beses siyang hinimatay.

Si Abubakar Asahlin, 45, konsehal ng Barangay Sinangkapan, Tuburan, ay piniringan at pilit ding pinaaamin na myembro ng Abu Sayyaf habang sinusuntok, sinasampal, sinisipa at binubugbog. Nilagyan ng sili ang kanyang kili-kili at ari at ipinasok ang huli sa bote. Sinaksakan din ng bote ang kanyang puwit.

Si Gafar Mundi, 19, ay inaresto noong Hulyo 13 habang nagdarasal sa moske. Ibinilad siya sa init ng araw. Ipinipilit ng militar na isa siya sa mga lumusob sa Lamitan. Tuwing tumatanggi, siya ay pinapalo at sinisipa. Siya ay pinahiga, binuhusan ng gasolina at binantaang susunugin. Nakapiring siyang isinakay sa helikopter tungong Zamboanga City. Sa buong byahe, iniuuntog siya sa gilid ng helikopter. Ang siko niya ay hinahampas ng kahoy at ang ulo ay paulit-ulit na pinapalo ng mahabang piraso ng bakal.

Halaw sa Initial Report on the Fact-finding on Human Rights Violations, Relief and Medical Mission, September 9-16, 2001, Basilan



Pinakamatitinding operasyong militar sa Cagayan Valley sa loob ng kalahating dekada



sang malawakang kampanyang militar ang kasalukuyang inilulunsad sa katimugang Lbahagi ng Isabela. Kinasasangkutan ito ng 20 platun mula sa 45th at 54th IB at iba pang tropa sa ilalim ng 5th ID. Mula Oktubre 8 ay tinayuan na ng mga tsekpoynt at ginagalugad ng mga tropa ang mga bayan ng Jones, San Agustin, San Guillermo at Echague. Panay ang pagrerekisa sa mga sasakyan at kubo ng mga magsasaka sa katawa-tawang katwirang ito'y bahagi ng "kampanyang anti-terorismo" at "paghahanap ng mga elemento ng Abu Sayyaf". Ang kasalukuyang pinagsanib na malawakang pagkilos ng special operations teams at strike operations ang pinakamalaking operasyong militar na inilunsad sa rehiyon ng Cagayan Valley mula pa noong huling bahagi ng dekada 1990.

Pinupuruhan ng mga operasyong militar ang timog Isabela dahil nais supilin ang ipinamamalas na militansya ng mamamayan dito laban sa mga kontramagsasaka, mapanlinlang at mapaminsalang mga proyekto. Ilan dito ang pagmimina ng Royal Cement Mining Corp. sa halos 24,000 ektaryang lupain sa Barangay Dicamay I, Dicamay II, Sto. Domingo at Dumawing sa Jones; ang Integrated Social Forestry Project, kung saan idinedeklarang "lupaing publiko" at inaagaw ang mga sakahan ng mga maralitang magsasaka upang tamnan ng Gmelina; ang pangaagaw din ng lupa para sa 1,000 ektaryang plantasyon ng kape ng Nestlé Corporation sa Jones; at ang field testing ng Bt-corn ng Monsanto (isang higanteng korporasyong agribisnes) sa 1,700 metro kwadradong lupa sa Barangay Diarao, Jones.

Nais ding apulahin ng kaaway ang apoy ng

matatagumpay na kampanya sa rebolusyong agraryo at ang lumalawak na mga pagkilos ng mamamayan laban sa militarisasyon, pagbubuo ng CAFGU at mga paglabag sa karapatang-tao. Noong Oktubre, inilantad at tinutulan ng organisadong magsasaka ang pakikipagsabwatan ng despotikong alkalde ng Jones na si Jesus Sebastian sa pagtatayo ng kampo ng Philippine Army sa Barangay Dibuluan. Kinukundena rin ng mga taga-Jones ang pagkasira ng pag-aaral ng mga bata dahil sa paggamit ng militar sa mga eskwelahan bilang kampo. Binatikos nila ang laganap na pang-aabusong militar tulad ng sapilitang pagpapataw ng kota sa mga taumbaryo sa pagtatayo ng mga kampo at detatsment ng militar; pagnanakaw ng mga sundalo sa mga alagang hayop ng masa; at di pagbabayad ng mga tropa sa mga binibili sa tindahan.

Sa baryo pa lamang ng Villabello sa Jones, di bababa sa 24 na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala nitong Nobyembre bunga ng malawakang operasyong militar. Pinakamatitingkad rito ang pagdukot at pagbugbog ng mga elemento ng 45th IB kina Willy Lumaho at Tomas Vanhan, kapwa taga-Sityo Germitan ng naturang barangay noong Oktubre 22; at ang pagtortyur at sapilitang pagpapagiya ng naturan ding mga tropa kina Jerwin Maltezo, Feli at Romulo Ariola, pawang mga kabataang taga-Villabello, noon ding Oktubre.

Dahil sa takot na maimbestigahan ng mga myembro ng *fact-finding mission* na tumungo sa Villabello nitong Nobyembre 5, inilipat ng 45th IB ang kanilang *tactical command post* tungong Benguet. Ang tatlong platung *strike force* na noo'y nasa Villabello ay inilipat din sa mga kanugnog na baryo ng Madadamian at Mabbayad.



Paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Catanduanes

Nang masa't Hukbo'y magkaisa

Oktubre 1997. Nasa bukana ng panibagong pagsulong bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang rehiyong Bikol nang, sa kauna-unahang pagkakataon, ay matagumpay na pakatan ng malaligal na pangkat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang prubinsya ng Catanduanes. Mabilis na niyakap ng paparaming mamamayang Catanduanon ang BHB. Nakatagpo sila ng pag-asa at kapanalig sa adhikain at kapasyahang baguhin ang kanilang kalagayang tigib ng pagsasamantala at kahirapan.

Sa pagpupunyagi sa pagpapakilala, pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos, mabilis na lumawak ang BHB at ibayong inaruga ng masa. Patuloy na lumalakas at lumalawak ang rebolusyonaryong pakikibaka sa prubinsya sa kabila ng mga tangka ng mga reaksyunaryong pwersa na puksain ito.

TATLONG TAON MAKALIPAS, tuluy-tuloy na lumawak ang rebolusyonaryong baseng

masa. Mula 1999 hanggang 2000, lumaki nang 26% ang bilang ng mga grupong pang-organisa ng mga magsasaka. Tumaas nang 65% ang bilang ng mga grupo ng kababaihan at 59% ang kasapian. Lumaki naman nang 109% ang bilang ng grupo ng kabataan at lumawak nang 130.6%. ang kasapian nito. Dumami nang halos 600% ang bilang ng mga grupo ng estudyante at nang 500% ang kasapian ng mga ito. Dumami rin nang 75% ang kasapian ng grupo ng mangingisda. Mula sa pinakamauunlad na mga grupong pang-organisa, binubuo ang mga komiteng pang-organisa.

Sa parehong panahon, lumawak nang 19.5% ang mga baryong nakikilusan ng BHB. Kaalinsabay, hinarap ng BHB ang suliranin ng pagkabuwag at pagkabawas ng ilang grupong pang-organisa dulot ng paglilipat-lipat dahil sa kawalan ng hanapbuhay,

kontra-rebolusyonaryong saywar ng kaaway o ilang kahinaan ng mga kasama.

Nitong taon, umabot na sa 33% na paglaki ang lakas-tauhan ng BHB kumpara sa orihinal na laki nito. Ang mga bagong rekluta ng BHB ay galing na mismo sa mga aktibistang masa sa lokalidad. Tinitiyak ngayon ang kanilang papaunlad at tuluy-tuloy na tuwirang paglahok sa sandatahang pakikibaka. Dahil sa mga pagsulong na ito, inaaasahan ang ibayong paglawak ng kasapian ng

Partido sa hinaharap.

Pinagtutulungan ng BHB at rebolusyonaryong masa ang inisyal na pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyong agraryo sa prubinsya.

Tuluy-tuloy at papalalim ang pagpapaunawa hinggil sa rebolusyong agraryo. Ang mga *luyo-luyo* (kooperasyon o palitan ng lakas-paggawa pinagagana mula sa simpleng

sa bukid) ay

paglalala ng mga dahon ng niyog para sa iba't ibang gamit hanggang sa pagkakanal at pagpapatubig sa mga sakahang may 10 hanggang 50 ektarya ang lawak kung pagsasamahin. Nagbubuo ng mga unyon ang mga manggagawang bukid. Bilang kampanyang masa, nangunguna ang rebolusyonaryong pwersa sa pagkalap at pamamahagi ng mga binhi at hayop.

Pagharap ito sa hikahos na kalagayan ng mamamayan na dulot ng bagsak na presyo ng bandala (abaka), tambo, niyog at saging—mga produktong karaniwan nilang pinagkukunan ng kabuhayan. Paglaban din ito sa panggigipit na tinatamasa ng mga magsasaka sa paghahanap ng alternatibong kabuhayan. Ang mga nagiging manggagawang bukid ay nakatatanggap ng busabos na sahod. Ang mga nangingisda ay nadadaig ng malalaking *trawler* at bangkang de-motor. Ang mga nag-uuling at •



Ilang kwento sa likod ng mga taktikal na opensiba sa Bikol

na pagkakalatag

ng larangang

gerilya sa

Catanduanes,

ganap nang

nasaklaw ng

kilusan ang lahat

ng prubinsya sa

ng bawat taktikal na opensibang inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ay bunga ng matagumpay ra pagtutulungan ng masa't mga mandirigma. Sa likod ng ibinabalitang karaniwang mga detalye—petsa, lugar, reaksyunaryong pwersa na tinarget ng BHB, bilang

ng armas na nasamsam—ang walangkupas na mga kwento ng rebolusyong Pilipino. Narito ang ilang salaysay mula sa mayamang karanasan ng mga kasama sa Kabikulan.

Espesyal na taktikal na opensiba sa Barangay Sta. Elena, Jose Panganiban, Camarines Norte; Disyembre 28, 2000. Nagpamalas ng galak ang mga residente ng Sta. Elena nang parusahan ng BHB si Francisco "Ike" Villafuerte at si Anatolio "Hudas" Villablanco, dalawang sagadsaring reaksyunaryo na may mga kasalanan sa taumbayan. Si Villafuerte, despotikong asendero at ahente ng Military Intelligence Group, ay responsable sa paglalatag ng ▶

■ napupwersang magbukas ng taniman sa mga lupang publiko ay pinalalayas para sa "reforestation" ng gubyerno at pinagbabawalang magtanim sa mga tiwangwang na lupang pag-aari ng mga Sa matagumpay

asendero.

Dagdag na pahirap sa mga magsasaka ang mga operasyong militar na pinaigting sa Catanduanes mula nang magsilbing banta sa reaksyon ang presensya ng rebolusyonaryong pwersa. Sa mga barangay halimbawa ng Tucao at Maysuram ng Caramoran, napipilitang magsilikas sa kanilang rebolusyonaryong mga tahanan ang mga parahagot (magaabaka) dahil sa takot sa mga nagooperasyong sundalo.

Kabikulan. Dinagdagan na ng pwersa ng Philippine Army ang pwersa ng PNP na dati'y tanging nakapakat sa prubinsya. Magkatuwang ang dalawa sa lumang taktikang clear, hold and consolidate (hawanin, hawakan at konsolidahin) sa mga lugar na tukoy nilang kinikilusan ng BHB. Nagbubuo muna sila ng lambat paniktik sa baryo at nagpapalakas ng depensa. Sinasabayan ito ng mga operasyong kombat at saywar. Naghahasik sila ng takot at ligalig sa kabukiran. Namamahagi rin sila ng mga polyeto at todo-todong nagpupropaganda sa radyo't dyaryo upang siraan ang kilusan.

Ikinakalat nila ang linyang "dating tahimik ang prubinsya ng Catanduanes subalit nagkagulo nang pasukin ng NPA".

> Nilalabanan ito ng mamamayan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga grupo para ipagtanggol at itaguyod ang karapatang-tao.

> Nagbalangkas naman ang BHB-Catanduanes ng mga hakbangin upang kontrahin ang padron ng kilos ng kaaway, kabilang ang pagdidiin sa konsolidasyon ng hukbong bayan, masa at mga alyado at mahigpit na paghawak sa wastong linyang pampulitika, mga regulasyon, disiplina at patakaran.

> Nakapaglunsad na rin ng mga panimulang taktikal na opensiba ang BHB sa Catanduanes. Dalawang pusakal na pulis na may mga kaso laban sa mamamayan

at rebolusyonaryong kilusan ang ginawaran ng parusang kamatayan. Noong Hulyo 2000, isang depensiba ang nagawang opensiba ng BHB laban sa mangungubkob na yunit ng PNP Provincial Office at Regional Mobile Group.

SA MATAGUMPAY NA PAGKAKALATAG NG LARANGANG gerilya sa Catanduanes, ganap nang nasaklaw ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng prubinsya sa Kabikulan. 🗷

■ lambat-paniktik, panonortyur at pagpatay sa mga inosenteng magsasaka. Si Villablanco naman ay dating pulis ng Jose Panganiban, Camarines Norte, masugid na kontra-rebolusyonaryong ahente at kasosyo sa sindikato ng droga sa lugar.

Isang platun ng BHB na nakakumpletong kamoplahe at nagkunwaring mga sundalo ang pumara ng dalawang dyip at nagpahatid sa bungad ng kalsadang papunta sa bahay ng dalawang target. Isang tim ng mga kasama ang nagtindig ng tsekpoynt doon.

Mula roon, isang pormasyon ng BHB ang dumiretso sa bahay ni Villafuerte. Pinatuloy sila ng napaglalangang maybahay. Mabilis na isinagawa ng BHB ang pagpaparusa. Sinamsam ang tatlong .45, *combat boots* at iba pang gamit-militar ni Villafuerte. Sa labas, ipinaliwanag nang mabuti ng mga kasama sa masa sa paligid ang dahilan ng pagparusa kay



BHB ng ilandaang polyeto na nagpapaliwanag ng batayan ng pagpaparusa. Dahil ilang panahon na ring hindi nakikilusan ang lugar, may ilang natakot. Ngunit ang karamihan ay nakinig nang mabuti't nagbunyi.

Samantala, ang isa pang pormasyon ng parehong tropa ng BHB ang tumuloy sa bahay ni Villablanco na mabilis ding pinatawan ng kaparusahan. Kasabay ng mga ito, isa pang pangkat ng BHB ang lumusob sa dalawang kalapit na bahay ng mga pulis at doo'y nakakumpiska ng isang .357 at iba pang

mga gamit-militar.

Matamang binasa ng masa ang mga polyetong ipinamahagi ng BHB. Sinalubong nila ng ngiti ang mga kasama. Ang iba pang taumbaryo'y humalili sa pagbabantay sa pansamantalang tsekpoynt ng mga kasama at paglao'y namahagi na rin ng mga polyeto. Nang malaman ng mga naghatid na drayber na mga Pulang mandirigma pala ang nakisakay sa kanila, nagpasya silang maghintay at nagprisintang maghatid sa mga kasama kahit saan.

Ang matagumpay na operasyon ang humawan ng daan sa muling pagbabalik at tuluy-tuloy nang pagkilos ng hukbong bayan sa lugar.

Reyd sa munisipyo ng Caramoan, Camarines Sur; Nobyembre 18, 2000. "Mabuhay ang mga kasama! Mabuhay ang CPP/NPA!" ang masigabong pagsalubong ng masa sa kalsada habang taaskamaong binabati ang mga Pulang mandirigma na nagmamartsa mula sa matagumpay na reyd

sa munisipyo. Mahusay na nagamit sa pagsalakay na ito ang elemento ng sorpresa. Napatay ang isang pulis at isang CAFGU at nasugatan ang

dalawa pa. Nakakumpiska rin ng ilang matataas na kalibreng armas.

Malaking sampal sa AFP ang tagumpay ng taktikal na opensibang ito ng BHB. Bago nito, ipinangangalandakan ng mga pasista na said na ang BHB sa lugar. Katatapos pa lamang suyurin ng mga tropa ng 42nd IB at 18th Scout Ranger Company ang kabundukan ng Caramoan

at mga karatig na bayan. Sa tulong at suporta ng masa at ng ilang nakakaalyadong elemento ng AFP, mahusay na nakaiwas sa kaaway ang BHB. Buong-pasensya nitong hinintay ang tumpak na pagkakataon, at napawalang-saysay at nagawang katawa-tawa ang busog-sa-pondo na mga operasyong *intelligence* at pangkombat ng AFP.

Reyd sa munisipyo ng Gainza, Camarines Sur; Abril 27, 2001. Napatunayan ng BHB na kaya nitong maglunsad ng taktikal na opensiba nang malapit sa lunsod. Palibot ng malawak na kapatagan at malaking ilog ang bayan ng Gainza, na 10 minutong sakay lamang mula sa Naga City.

Lampas 30 minuto nang nakapwesto sa palibot ng munisipyo ang isang platun ng BHB bago nito aktwal na ikinasa ang opensiba. Madaling nadikitan ang munisipyo at napasok ng mga Pulang mandirigmang pawang naka-shorts at *T-shirt* lamang. Naitago nila ang kanilang mahahaba't maiikling armas sa mga bayong na may kudkudan at niyog, sako na may gabi, basket na may dahong pambalot ng suman at iba pa. May ilan ding nagpanggap na magpapakasal sa munisipyo, at ang iba'y nag-astang "tambay" sa malapit na tindahan.

Wala nang nagawa ang dadalawang pulis na nasa himpilan, kabilang ang hepe, nang salakayin

Nasiyahan ang masa sa matagumpay na paglulunsad ng opensiba. Kinumpirma nila na ang dalawang target ay mga mananalbeyds, babaero, lasenggo at nagwawala nang sige ang pamumutok ng baril. Tanda ng kanilang kasiyahan, nagrekomenda pa ang masa ng iba pang target na dapat parusahan ng hukbong bayan.

ng mga gerilya ang istasyon ng PNP. Tatlong M16, isang 9 mm, mga RPG, magasin, uniporme, *printer*, kompyuter, dalawang *mobile phone*, dalawang *base*, isang *portable* at dalawang *hand-held vhf radio* ang nasamsam sa reyd. Nakakumpiska rin ng armas sa bahay ng dalawang pulis, na walang 100 metro ang layo sa munisipyo.

Ligtas na nakaatras ang mga kasama makalipas ang mahigit lamang 10 minuto mula nang ikasa ang taktikal na opensiba. Ang isang iskwad ay umatras sa malawak na kabukiran (limang oras na babagtasin bago marating ang kagubatan) at ang isa pa'y sa mayor na ilog na dumadaloy patungong San Miguel Bay. Tinahak nito ang direksyon sa dagat, taliwas sa inaasahan ng kaaway. Nabigo rin ang kaaway na tuntunin ang mga Pulang mandirigmang umatras sa bukid dahil epektibo silang humalo at naglaho sa masang nagsisipag-ani ng palay doon.

Sa loob ng humigit-kumulang dalawang buwan bago pa itong reyd sa munisipyo, ang mga elemento ng BHB na nagsagawa ng paniniktik ay nagkaroon ng mga bagong ugnay sa lugar sa tulong ng mga aktibistang masa mula sa mga konsolidadong lugar. Sa loob ng mahabang panahong ito ng pagpapalawak ng ugnay, pagpapakilos sa masa sa paniktik at paghahanda para sa taktikal na opensiba, mahusay na napanatiling lihim ang plano.

Ambus sa tropa ng PNP sa Sityo Dilingkwente, Barangay Kitang, Pasacao, Camarines Sur; Oktubre 24, 2000. Matagal nang hindi nababalikan ng mga kasama ang erya. Gayunman, matagumpay ang paglulunsad ng taktikal na opensiba ng BHB doon. Pumusisyon at nag-abang sa di mataong lugar ang 16 na kasama at tatlong myembro ng milisya. May dalawang sibilyan na nakasumpong sa nag-aabang

na BHB, subalit nanatiling lihim ang pagpakat doon ng mga kasama. Sa ikalawang araw, dumaan ang patrol car ng PNP na lulan ng dalawang pusakal na pulis na siyang target ng operasyon. Agad silang napatay. Dalawang 9 mm at iba pang gamit militar ang nasamsam ng mga gerilya.

Nasiyahan ang masa sa matagumpay na paglulunsad ng opensiba.

Kinumpirma nila na ang dalawang tinarget ay mga mananalbeyds, lasenggo at nagwawala nang sige ang pamumutok ng baril. Tanda ng kanilang kasiyahan, nagrekomenda pa ang masa ng iba pang target na dapat parusahan ng hukbong bayan. Naging tuntungan ang mainit na pagtanggap ng masa upang madaling makabalik sa erya ang mga kasama at muling maibwelo rito ang pag-oorganisa.

Ambus sa tropa ng Bravo Coy ng 31st IB sa Sityo Patag, Barangay San Isidro, San Lorenzo Ruiz, Camarines Norte; Oktubre 10, 2000. Isang malaking breyktru para sa isang platun ng BHB ang pagwasak sa isang armored personnel carrier (APC) ng kaaway at pagkakuha mula rito ng kalibre .50 at kalibre .30 na mga masinggan. Ang APC, lulan ang 18 tropa ng B coy ng 31st IB, ay pinasabugan ng land mine. Namatay ang dalawang tropa ng kaaway, sugatan ang anim, •

BAGONG PAPET NA PASISTANG REHIMEN SA AFGHANISTAN AT ANG ESTRATEHIKONG INTERES NG IMPERYALISMONG U.S.

itong Nobyembre, matapos iwan ng mga pwersa ng Taliban at al Qaeda ang kalunsuran ng Afghanistan, ipinwesto ng imperyalismong US at United Kingdom (UK) bilang pansamantalang tagapamuno si Rabbani, ang tagapangulo ng Northern Alliance. Nais ng US at UK na gamitin ang bagong gubyernong ito sa pangangalaga ng kanilang estratehikong interes sa Afghanistan at sa rehiyon ng Central Asia.

Kasabay

AFGHANISTAN

Kandahar

nito, sa ngalan ng "paghahabol kay bin Laden" ipinwesto ng US ang mahigit 1,500 regular na tropa nito sa loob ng Afghanistan para suhayan ang bagong rehimen. Nagpapasok na rin ang UK ng humigit-kumulang 5,000 tropa sa loob ng Afghanistan. Bukod pa ang mga ito sa naroroon nang mga *special forces* ng US at UK. May ilang daang regular na tropa na ang Russia sa ngalan ng "makataong gawain".

Nagpapatuloy ang mga kundisyon ng kawalan ng istabilidad dulot ng pagpapatuloy ng kaguluhang etniko na magsasapanganib ng interes ng US sa Afghanistan. Upang bigyan ng lehitimong pagkilala at pasaklawin ang koalisyon sa likod ng bagong rehimen at maging epektibo itong instrumento

ng imperyalismo, inisponsor ng
UN ang isang kumperensya sa
Germany ng iba't ibang grupong
anti-Taliban. Pinalalabas na ang
kumperensyang ito ay pagbubuo ng pagkakaisa
ng iba't ibang grupong etniko sa Afghanistan.
Ngunit mananatiling mailap ang pagkakaisa
laluna at nahihirapan silang magpalitaw ng
lider na may kakayahang makaimpluwensya at
makapamuno sa tribong Pasthun. Ang tribong
ito, na siyang pinakamalaki sa Afghanistan, ang
pinagbabasehan ng Taliban.

TUNAY NA LAYUNIN. Katuwang ng UK, inilunsad ng imperyalismong US ang "digma laban sa terorismo" sa pagsisikap na ipataw ang hegemonyang

at ang 10 pa ay nagtakbuhan at namutok nang patalikod. Ang mga tropang ito ng kaaway ay binitag ng mga kasama sa pamamagitan ng pagharas muna ng pito-kataong pwersa ng BHB

sa pito-kataong detatsment ng naturang tropa ng kaaway na naggugwardiya sa PNOC. Ang mga sundalo mula sa *main body* ng 31st IB ay magrereimpors sana sa hinaras na katropa nila,

ngunit sila ang naambus ng BHB. Bukod sa mga masinggan, nasamsam din ng BHB ang isang M16, daan-daang bala ng .50 at .30 na masinggan at isang radyong URC.

pang-ekonomya, pampulitika at pangmilitar nito sa Afghanistan. Ang malawakang pambobomba na sinabayan ng pang-uupat ng gerang etniko o relihiyoso ay estratehiyang ginamit na rin ng US sa mga digma nito sa Balkans at sa Middle East.

Ginagamit ng US ang patuloy na pagtugis kay Osama bin Laden (at ang kabiguan nitong madakip o mapatay ito) upang bigyang-matwid ang patuloy na panananatili ng mga tropa sa Afghanistan. Ipinwesto rin ng imperyalismong US at UK ang mga tropa nito sa Pakistan, Uzbekistan at Tajikistan.

Sa pamamagitan ng pagpwesto ng sarili nilang papet at pasistang gubyerno sa Afghanistan, tinitiyak ng imperyalismong US at UK na magsisilbi itong base sa kampanyang pagpapalawak ng impluwensya at kontrol sa Central Asia at sa mayamang rekursong langis dito. Tinataguriang "bagong Middle East" ang rehiyong ito dahil dito—sa baybayin ng Caspian Sea at bahaging Caucasus—matatagpuan ang pinakamalawak na di pa nagagalaw na reserbang langis sa buong mundo.

Sa gayon, higit pang mamomonopolisa ng US ang paghahatid ng langis at gas sa pamamagitan ng pipeline mula sa Central Asia patungo sa Mediterranean at iba pang bahagi ng Asia. Kasalukuyang monopolisado ng US ang rutang Central Asia-Turkey-Mediterranean para sa paghahatid ng gas at langis sa Europe at iba pang bahagi ng Asia. Sa pamamagitan ng pagkontrol ng US sa Afghanistan, magkakaroon ito ng bago at eksklusibong ruta ng langis mula Central Asia para mas madali at mas murang makapaghatid ng langis sa iba pang bahagi ng Asia sa pamamagitan ng Indian Ocean. Lubusan nang bibiguin nito ang matagal nang balak ng Russia, China at Iran na maglatag din ng sarili nilang mga pipeline mula Central Asia patungong Mediterranean at iba pang bahagi ng Asia. Layunin ng US na panatilihing pangunahing nakaasa sa kanya ang mga pamilihan ng Europe at Asia para sa pangangailangan nila sa langis.

Ngayon pa lamang, estratehiko nang nakapwesto ang mga imperyalistang tropa upang masimulan at mabantayan ang paglalatag ng mga pipeline mula sa Turkmenistan at Kazakhstan na tatagos sa Afghanistan patungong Pakistan at India. Umaabot na sa \$30 bilyon ang ipinuhunan ng mga monopolyong korporasyong Amerikano para sa karapatang monopolisahin ang pagmimina, pagpoproseso at paghahatid ng langis mula sa Central Asia.

Subalit pinag-iinteresan din ng iba pang mga kapangyarihan sa Europe at Asia ang Afghanistan.

Nagpahayag ng suporta ang Russia sa gerang "anti-terorismo" kapalit ng pag-atras ng US ng suporta sa mga grupong Islamiko sa Chechnya na matagal nang lumalaban sa Russia. Gayunman, nakahanda ang Russia na kumilos laban sa anumang balak ng US at UK na lubusang monopolisahin ang suplay ng langis mula sa Central Asia. Sa mas mahabang kasaysayan, ang tipak na ito ng daigdig ay dating saklaw ng imperyo ng Russia at patuloy na pinag-iinteresan pa rin nito.

Sa pamamagitan
ng pagkontrol ng US
sa Afghanistan,
magkakaroon ito ng bago
at eksklusibong ruta
ng langis mula Central Asia
para mas madali at mas
murang makapaghatid
ng langis sa iba pang
bahagi ng Asia
sa pamamagitan ng
Indian Ocean.

MGA BALITA



1 SUNDALO PATAY. 4 SUGATAN SA AMBUS SA SURIGAO SUR

Isang sundalo ng 62nd IB ang napatay at tatlo pa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa

Hatuan, Surigao del Sur nitong Nobyembre 24. Isa pang sundalo, si Cpl. Alex Nuvillo, ang dinakip at pinakawalan din nitong Nobyembre 27. Ipinasa siya sa mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross.

Ang mga sundalo ay inambus nang atasan ang mga itong tugisin ang mga Pulang mandirigmang naglunsad ng operasyong pagparusa laban sa Paper Industries Corp. of the Philippines (PICOP) noong araw ding iyon. Sinunog ng BHB ang dalawang dump truck na pag-aari ng kumpanya. Ito'y parusa sa kalupitan ng PICOP sa mga manggagawa nito at sa mga magsasakang nakatira sa loob ng kunsesyon nito. Anang BHB, daandaang manggagawa ang pinatalsik ng PICOP. Dinedemolis din nito ang mga bahay ng mga magsasaka, binubunot ang kanilang mga pananim at sinisira ang kanilang mga sakahan.

2 SUNDALO, PATAY SA AMBUS NG BHB SA ILOCOS SUR

Dalawang sundalo ng 50th IB ang napatay at dalawa pa ang nasugatan sa ambus na inilunsad ng BHB nitong Nobyembre 19 sa Barangay Maratodo, Magsingal, Ilocos Sur.

Nagpapatrulya ang mga sundalo nang tambangan ng mga Pulang mandirigma.

ISTASYON NG PNP SA WESTERN SAMAR, NIREYD NG BHB

Madaling-araw na sinalakay ng BHB ang istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa munisipyo ng San Jose de Buan, Western Samar nitong Nobyembre 17.

Kaagad na dinisarmahan at pansamantalang dinakip ng BHB ang dalawang pulis na gumugwardya sa istasyon.

Nasamsam ng mga gerilya ang tatlong M16, isang .38, anim

na *rifle grenade*, 15 maiikling magasin ng M16 at 1,880 pang bala para rito.

Kaagad ring pinalaya ang dalawang pulis pagkatapos silang mapaliwanagan ng mga Pulang mandirigma.

Samantala, pinarusahan ng BHB ang dalawang sagadsaring operatiba sa paniktik ng PNP noong araw ding iyon.

MATATAGUMPAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA, INILUNSAD SA TIMOG MINDANAO

Sunud-sunod na pumutok ang matatagumpay na mga aksyong militar sa Timog Mindanao ngayong Nobyembre. Di bababa sa 27 matataas na kalibreng armas ang nasamsam at 19 reaksyunaryong pwersa ang napatay sa magkakahiwalay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan sa prubinsya sa loob lamang ng buwang ito:

Ambus sa Cateel. Labinwalong sundalo ang napatay nitong Nobyembre 10 at 21 matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng BHB nang ambusin nito ang mga tropa ng 27th Special Forces Company ng AFP sa Spar Dos, Aliwagwag, Cateel, Davao Oriental. Labingisa pang sundalo ang nasugatan sa naturang

pananambang.

Pinasabugan ng BHB ng *land mine* bandang 12:30 ng hapon ang trak na sinasakyan ng isang platun ng naturang mga tropa. Magrereimpors sana ang mga tropa sa mga kasamahan nilang may nakasagupang mga Pulang mandirigma.

Pagdis-arma sa Pantukan. Noong Nobyembre 3, matagumpay na nadisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang pulisya at CAFGU sa detatsment ng PNP sa Panganason, Pantukan.

Madaling-araw nilusob ng BHB ang naturang detatsment. Napasuko ang kaaway at nasamsam ng mga gerilya ang limang M16, isang karbin, isang hand-held radio, isang VHF base radio at tatlong cellular phone.

■ Nagtangka subalit bigo sa pagsaklolo ang mga elemento ng Pantukan Police, 1102nd Police Mobile Group at 60th IB ng AFP sapagkat kagyat at ligtas nang nakaatras ang BHB.

Pagparusa sa mga kumpanya sa telekomunikasyon. Apat na pasilidad sa komunikasyon ang sinunog ng BHB sa Timog Mindanao noong Nobyembre 12, bandang 6:30 nang gabi. Winasak ng mga Pulang mandirigma ang mga pasilidad ng Philippine Long Distance Telephone Co., Philcom, Liberty Telecoms at Dole Philippines. Pinarusahan sila dahil sa di pagbabayad ng rebolusyonaryong buwis.

Ang mga pasilidad ay pawang nasa Barangay Tuburan, Mawab, Compostela Valley. Isa o dalawang kilometro lamang ang layo nito sa kampo ng 701st Army Brigade subalit hindi nakasaklolo ang naturang tropa sa mga kumpanya.

Pagparusa sa masamang elemento. Dahil sa kanyang mahabang rekord ng aktibong pakikipagkutsabahan sa gubyerno at iba pang masasamang elemento laban sa rebolusyonaryong kilusan, pinarusahan ng BHB ang barangay konsehal na si Mario Capillan ng Barangay Panangalan, Davao Oriental. Ginawa ang pagpaparusa sa Sityo Languan, Barangay San Roque, New Bataan, Compostela Valley nitong Nobyembre 4.

MGA CELL SITE, WINASAK NG BHB SA GITNANG LUZON

Winasak ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga *cell site* sa apat na prubinsya ng Gitnang Luzon nitong Nobyembre 10 at 11. Isinagawa ito bilang pagparusa sa pagmamatigas ng mga kumpanyang Globe at Smart na hindi magbayad ng buwis sa rebolusyonaryong kilusan.

Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang mga *cell site* sa Nueva Ecija, Tarlac, Pampanga at Bataan. Umabot sa P100 milyon ang halaga ng pasilidad na nawasak.

Ang cell site ng Globe sa Abucay, Bataan ay winasak bandang alas 5:30 ng hapon; ang sa Smart sa Muñoz, Nueva Ecija ay inatake bandang 8:55 ng gabi. Sinundan ito ng pagsunog ng cell site ng Piltel sa Lubao, Pampanga. Lampas hatinggabi ng Nobyembre 11 naman inatake ang itinatayong cell site ng Smart sa Barangay Tibag, Tarlac City. Walang nasaktan sa mga naturang pag-atake.

DATING PULIS SA RIZAL, PINARUSAHAN NG BHB

Pinarusahan ng Narciso Antazo Aramil Command ng BHB si Leonardo Santos, dating kagawad ng Philippine Constabulary, nitong Nobyembre 14.

Bandang alas-10 ng umaga nang harangin ng mga Pulang mandirigma ang kotse ni Santos sa Barangay San Rafael, Rodriguez, Rizal. Pagkapataw ng parusa, ang mga gerilya ay nag-iwan ng pahayag na nagbaybay sa mga kasalanan ni Santos laban sa kilusan at mamamayan.

Mangangamkam siya ng mga lupaing ninuno ng mga grupong minorya at kalahok sa maraming operasyong pagpatay sa mga lider ng mga militanteng grupo. Masugid rin siyang ahente ng 2nd ID ng AFP na nakabase sa Tanay, Rizal.

MGA AKSYONG PAGPAPARUSA SA NORTH COTABATO, INILUNSAD

Pinarusahan ng Magtanggol Roque Command (MRC) ng Bagong Hukbong Bayan - North Cotabato sina Binao Amolo, Zaldy Loma at Nonoy Aniñon, pawang taga-Makilala, sa magkakahiwalay na pagkakataon nitong Oktubre at Nobyembre.

Ani Ka Ricardo Benjamin, tagapagsalita bg MRC, ang tatlo ay napatunayan ng hukumang bayan na nanggahasa, pumatay at nagnakaw.

Si Amolo, taga-Barangay Malasila, ay pinarusahan 🕨

■ noong Oktubre 7. Si Loma, taga-Barangay New Bulatukan, ay ginawaran ng parusa noong Nobyembre 8. Noong Nobyembre 11 naman pinarusahan si Aniñon, na taga-Barangay Malasila rin.



OPERASYON SA PAGMIMINA, NAPIGIL NG MGA MAGSASAKA SA ZAMBOANGA

Matagumpay na napigil ng mga magsasaka ng Barangay Dalapan, San Miguel, Zam-

boanga del Sur, ang operasyong pagmimina ng A Dynasty Multipurpose Cooperative noong Oktubre 3.

Dahil balak ng kumpanya na huthutan ng reserba ng marmol at bentonite ang mahigit 2,000 ektarya o siyam na barangay sa mga bayan ng San Miguel at Guipos, mahigit isang buwang nagkampo ang lagpas 100 magsasaka sa lugar na pagmiminahan upang pigilan ang takdang pag-uumpisa ng operasyong pagmimina.

Nagbunga ng maraming sektoral at multisektoral na alyansa laban sa pagmimina ang tuluytuloy na pagpoprotesta ng mga magsasaka. Noong Oktubre 3, nabigo ang balak ng A Dynasty na magsimula sa operasyong pagbubutas (drilling operations) sapagkat napigil ng mga nagpoprotesta ang pagpasok ng makinang pambutas (drilling machine) ng A Dynasty.

TRIBAL FILIPINO WEEK, IPINAGDIWANG

Ipinagdiwang sa dalawang magkahiwalay na okasyon ang Tribal Filipino Week noong Oktubre.

Noong Oktubre 14, ang Araw ng mga Magbubukid at Tribal Filipino Week ay sabay na ipinagdiwang ng mahigit 100 magsasaka, estudyante, taong-simbahan at propesyunal mula sa mga kabundukan at kapatagan ng Abra. Pinangunahan ito ng Kakailyan Salakniban Tay Amin a Nagtaudan (Ipagtanggol Nating Lahat ang Ating Tinubuan o KASTAN), isang alyansa ng iba't ibang organisasyong masa ng mamamayan sa Abra.

Tinutulan sa okasyon ang agresibong pagpapatupad ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga mapanalantang proyekto sa Abra at sa kabuuan ng mga rehiyon ng Ilokos at Kordilyera. Tinuligsa ang 503rd Brigade sa pagiging instrumento nito sa pasista at mapanlinlang na disenyong para maipatupad ang mga mapanirang proyekto.

Noong Oktubre 5, nagtipon ang may 150 taga-

Kordilyera at kanilang mga tagasuporta sa Maynila upang "pagtibayin ang pakikibaka ng mamamayan ng Kordilyera para sa pagpapasya-sa-sarili at ang pakikiisa sa adhikain ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan, katarungan at kapayapaan." Ang pagdiriwang ay kinatampukan ng pagtatanghal ng katutubong kultura. Nagbalik-tanaw sa mahabang kasaysayan ng magiting na mga pakikibaka ng mga taga-Kordilyera. Kabilang rito ang paglaban ng mga Tingguian sa Cellophil Resources Company noong dekada 1970 at ang pagtutol ng mga Bontoc at Kalinga sa imperyalistang proyektong Chico Dam na pinagbuwisan ng buhay ng bayaning si Macli-ing Dulag.

Tinalakay din ang kalagayan sa nagpapatuloy na pakikibaka ng mamamayan sa Kordilyera laban sa mga mapaminsalang proyekto tulad ng mga megadam at malaking minahan at mga mapanlinlang na iskema tulad ng Indigenous Peoples Rights Act at National Integrated Protected Areas System.

REHIYUNAL NA ALYANSANG MAGSASAKA, INILUNSAD SA KORDILYERA

Inilunsad noong Oktubre 15-17 Benguet, ang kongreso ng pagbu- Taeng Kordilyera (APIT Kordilsa La Trinidad, kapitolyo ng buo ng Alyansa dagiti Pesante iti yera), ang alyansa ng mga ▶

■ magsasaka sa Kordilyera. Ang APIT Kordilyera ang pinakabago ngayong tsapter ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Dinaluhan ito ng 217 delegadong kumatawan sa 116 na organisasyon ng mga magsasaka mula sa lahat ng anim na prubinsya ng Kordilyera—Apayao, Kalinga, Abra, Mt. Province, Ifugao at Benguet. May 49 na kinatawan din

mula sa limang non-government organization na nakatuon sa pagtataguyod sa mga isyu at laban ng mga magsasaka at anim na tagapagmasid mula sa Cordillera Peoples Alliance. Nagsilbing punong-abala sa kongreso ang Itogon Inter-Barangay Alliance (IIB-A), isang alyansa ng mamamayan na mahigpit na lumalaban sa pagtatayo ng mapaminsalang

San Roque Multi-Purpose Dam sa Itogon, Benguet.

Nagbuo ang kongreso ng 13-puntong programa ng paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala sa mga magsasaka at pambansang minorya sa Kordilyera at pagtataguyod sa mga saligan at kagyat na interes ng mga magsasaka at pambansang minorya sa Kordilyera.

UNANG KUMPERENSYA NG MGA MIGRANTE, IDINAOS

Idinaos sa Maynila nitong Nobyembre 5-7, ang pinakaunang kumperensya ng mga migrante. Ang pamagat ng kumperensya ay "International Migrants Conference on Forced Labor Export and Forced Migration Amidst Globalization" (Internasyunal na Kumperensya ng mga Migrante Hinggil sa Pwersadong Eksport ng Paggawa at Pwersadong Pangingibangbansa sa Gitna ng Globalisasyon). Inisponsor ito ng Migrante, Gabriela, Contak Philippines at Asia-Pacific Mission for Migrant Filipinos.

Dumalo sa kumperensya ang mga kinatawan mula sa hanay ng mga migranteng manggagawa, mga nangibang-bansa, mga political refugee at iba pang nasyunalidad na pwersadong nagsilikas mula sa kani-kanilang mga bansa. Bukod sa Pilipinas, ang Pakistan, Turkey, Bangladesh, Nepal at Indonesia ay ilan lamang sa mga bansang may delegado sa kumperensya.

Inilunsad ang kumperensya sa layuning tipunin ang mga mayor na pormasyon ng mga migrante mula sa iba't ibang bansa. Tinalakay ng mga susing tagapagsalita gaya nina Prof. Jose Maria Sison, pangkalahatang tagapayo ng International League of Peoples' Struggles, Atty. Romeo

Capulong, pinuno ng komite sa usaping migrante ng Integrated Bar of the Philippines, at Antonio Tujan, executive director ng IBON Databank, ang mga suliraning kinakaharap ng mga ito. Ilan sa mga paksang tinalakay ang sumusunod: pagkaltas sa sahod at iba pang anyo ng pagsasamantala laban sa mga migranteng manggagawa, pag-angkat ng murang paggawa sa pamamagitan ng human smuggling, ang digmang agresyon ng US laban sa Central Asia at Middle East at mga suliraning kumukumpronta sa mga mandadagat at political refugees.

KUMPERENSYA NG KABATAAN SA KALAKHANG MAYNILA, INILUNSAD

Inilunsad noong Oktubre 20 ang Kumperensya ng Kabataan sa Kalakhang Maynila. Tinalakay rito ang kalagayan ng kabataan sa bansa at ang kanilang bahagi sa pagbubuo ng isang progresibong lipunan. Dinaluhan ito ng daandaang kabataan mula sa iba't ibang organisasyon, kolehiyo,

unibersidad, parokya at komunidad sa Kamaynilaan.

Sa kumperensya, nagpalabas ng progresibong *video* at mga pangkulturang pagtatanghal. Pinakatampok na bahagi ang pagpirma ng lahat sa "Pahayag ng Pagkakaisa at Paninindigan". Inilarawan dito ang pinakamatitingkad na palatandaan ng kahirapan sa Kamaynilaan. Inilantad ang tahasang pagtalikod ng rehimen sa usapin ng makatarungang umento sa sahod ng mga manggagawa at kawani ng pamahalaan. Kinundena ang todotodong pagsuporta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa digmang pinangungunahan ng US laban sa Afghanistan.

■ Batay rito, ipinihayag nilang susuportahan ang paggiit para sa P125 pangkalahatang karagdagan sa sahod ng mga manggagawa sa buong bansa at

P3,000 pangkalahatang karagdagan sa sweldo ng mga guro at kawaning pampubliko; igigiit ang pagbubuwag sa mga *regional wage board*; at tutulan ang todo-suporta

ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa "kontra-teroristang digma". Susuportahan nila ang mga kampanya ng maralitang lunsod laban sa demolisyon.

PAGTAAS NG MGA BAYARIN SA PGH TINUTULAN

Humigit-kumulang 250 doktor, manggagawang pangkalusugan at estudyante sa medisina ang naglunsad ng dalawang-oras na piket at *noise barrage* nitong Nobyembre 12 sa tapat ng Philippine General Hospital para tutulan ang pagtataas ng mga bayarin sa pampublikong ospital.

Tinuligsa ng mga nagprotesta ang PGH Memorandum No. 01-13 na nagbabago at nagpapataas ng mga bayarin sa mahigit 40 laboratory procedures (mga eksamen at iba pang proseso sa laboratoryo) at suplay ng ospital. Anang isang doktor, "Lalo lamang nitong pasasahulin ang kalunus-lunos nang kalagayang pangkalusugan ng aming mga pasyente."

Nagsunog ang mga nagpoprotesta ng simbolikong sako ng salapi na puno ng mga bomba upang idiin ang malaking pagkakamali ng gubyerno sa pagbibigay ng prayoridad sa militar sa pagbabadyet habang isinasaisantabi naman ang kapakanan ng naghihirap na mamamayan at ipinapasa sa kanila ang matataas na bayarin.

TUTULAN ANG WTO! - ILPS

Nakiisa ang International League of People's Struggles sa mamamayang Pilipino sa sigaw na "Paigtingin ang paglaban sa imperyalistang pandarambong! Ibasura ang World Trade Organization (WTO)!"

Inihayag ng ILPS ang pakikiisa nang maglunsad ng mga kilos protesta sa Pilipinas laban sa pagpupulong ng WTO na ginanap sa Qatar nitong Nobyembre 9-13. Anang ILPS, ang tanging hatid ng WTO sa loob ng nakaraang limang taon ay pangwawasak ng

ANTI-IMPERYALISTANG MGA PROTESTA SA CLARK AT NEW YORK, INILUNSAD

Sinalubong ng protesta nitong Nobyembre 14 ang pagdating ng anim na F-18 *bomber jet* ng US na nagpakarga ng langis sa Clark Special Economic Zone bago dumiretso sa Afghanistan sa ngalan ng digmang "kontra-terorismo". Umpisa ito ng serye ng mga kontra-digmang protesta na ilulunsad ng mga militanteng grupo hanggang Disyembre 10.

Mahigit 400 raliyista sa pangunguna ng Promotion of Church People's Response ang nagtipon sa bukana ng Clark. Mariin nilang tinutulan ang partisipasyon ng rehimeng Arroyo sa digmang pinangungunahan ng US. "Paglahok na rin sa teroristang aktibidad ang paglahok sa digmang ito," anila.

Mula nitong Nobyembre 4, umabot na sa 23 ang bilang ng mga eroplanong pangmilitar ng US na nagpakarga ng langis sa Clark para sa digmang pananalakay ng US.

Samantala, puu-puong Pilipino at mga Amerikano ang naglunsad ng kilos-protesta sa Philippine Consulate sa New York nitong Nobyembre 18. Itinaon ang aksyongmasa sa pagpunta ni Gloria Macapagal-Arroyo sa US upang makipag-aregluhan sa amo nito kaugnay ng mga terorista at anti-mamamayang mga patakaran.

ekonomya ng mga aping bansa, paglipol ng mga lokal na industriya, pagsira sa agrikultura at seguridad sa pagkain, pagdisloka ng milyun-milyong mga magsasaka at manggagawang bukid at pagpapatindi ng paghihikahos ng masang anakpawis.

Nagpanata ng buong suporta ang ILPS sa itinuring nitong positibong palatandaan ng tumataas na kamulatan ng mamamayan ng daigdig—ang lumalakas na pagtutol sa imperyalistang globalisasyon sa iba't ibang dako ng mundo, gaya ng namalas na reaksyon ng iba't ibang nasyunalidad sa inilunsad ng US na digmang agresyon laban sa Afghanistan.

PAGPAPALAYA KAY DONATO CONTINENTE, IGINIGIIT

Iginigiit ng mga tagapagtaguyod ng karapatangtao at maraming iba pang tagasuporta ang kagyat na pagpapalaya kay Donato Continente. Siya at si Juanito Itaas ay maling pinaratangan at pwersahang pinaaamin sa pagpatay noong 1989 kay Col. James Rowe, upisyal ng Joint US RP Military Advisory Group (JUSMAG).

Sinentensyahan ng habambuhay na pagkabilanggo sina Continente at Itaas noong Pebrero 1991 at natapos na ang kanilang minimum na sentensya noong Oktubre 2001. Subalit nananatili silang nakapiit ayon sa dikta ng imperyalistang US. Mismong si Thomas Hubbard, US Assistant Secretary of State for Asia and the Pacific, ang dumiretso kay Macapagal-Arroyo noong Marso 2001 upang iutos na alisin ang mga pangalan nina Continente at Itaas sa listahan ng mga bilanggong pulitikal na palalayain.

USAPANG PANGKAPAYAPAAN NG NDFP AT GRP, PATULOY NA HINAHADLANGAN NI MACAPAGAL-ARROYO

Patuloy na hinahadlangan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang muling pagdaraos ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng NDFP. Ito'y sa kabila ng nauna nang kasunduan ng NDFP at GRP na idaos ang susunod na usapan sa Disyembre 10-14, ilunsad ang unang pulong ng Joint Monitoring Committee, ipagpatuloy ang talakayan hinggil sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya at magkaroon ng mga hakbang ng kabutihang-loob ang magkabilang panig, tulad ng pagpapalaya ng GRP ng mga bilanggong pulitikal at pagpapalaya naman ng NDFP ng mga bihag nito. Ang mga kasunduang ito ay narating sa pamamagitan ng mga *back-channel* na pag-uusap.

Iginigiit ni Macapagal-Arroyo bilang dahilan ang aniya'y pagtanggi ng NDFP na itigil ang binabansagan ng GRP na mga "political assassination". Subalit ayon kay Luis Jalandoni, tagapangulo ng panel ng NDFP, ang ipinapatupad ng NDFP ay mga "arrest order na inilalabas ng mga demokratikong organo ng kapangyarihang pampulitika para sa mga sinampahan ng mga kriminal na kaso laban sa mamamayan, at nasa ilalim ng pag-uusig sa mga hukumang bayan sang-ayon sa mga prosesong panghustisya at ligal ng rebolusyonaryong kilusan at alinsunod sa internasyunal na makataong batas." Ani Jalandoni, ang mas pangunahin pang dahilan ay ang kagustuhan ni Macapagal-Arroyo at ng mga militaristang nasa likod niya na bigyang prayoridad ang pagpupursige ng mga konsen-tradong operasyong militar laban sa BHB.

BAGONG KASUNDUANG MILITAR SA PAGITAN NG RP AT U.S., BINUBUO

Nabunyag nitong Nobyembre na may binubuong bagong kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas. Lihim na pinag-uusapan ng gubyernong Bush at Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng mga upisyal militar ang Mutual Logistics Sharing Agreement (MLSA). Layunin nitong umano'y magkaroon ng "inter-operability" o koor dinasyon sa operasyon ng pwersang militar ng US at AFP. Nais ng rehimen na pirmahan ito bilang isang kasunduang ehekutibo upang hindi na ito idaan sa ratipikasyon ng senado.

Ayon sa mga ulat, sa pamamagitan ng MLSA, bibigyan ang US ng access o karapatang gumamit ng mga base militar. Pahihintulutan din ang transit o pagdaan at pananatili ng mga pwersang militar ng US sa bansa. Sa esensya, ito ay isang tusong kasunduang magbabalik ng dating Military Bases Agreement na ibinasura noong 1991. Magsisilbi ito sa pandaigdigang estratehiyang militar ng US na ipwesto ang mga pwersang militar nito sa Asia-Pacific at iba pang lugar para sa mabilisang deployment.

KATIWALIAN NI MACAPAGAL-ARROYO, PATULOY NA NALALANTAD

Patuloy na nalalantad ang mga katiwalian ng rehimeng Gloria Macapagal-Arroyo.

Umani ng kabi-kabilang batikos mula sa mamamayan ang aregluhan ni Macapagal-Arroyo at kroni ni Marcos na si Eduardo "Danding" Cojuangco kaugnay ng pondong coco levy. Kabilang sa mga bumabatikos ngayon kay Macapagal-Arroyo ay mga organisasyon at grupong nakaalyado nito sa Edsa 2. Napagkaisahan nina Macapagal-Arroyo at Cojuangco na ang P130 bilyong kabuuan ng pondong coco levy (buwis sa pagbebenta ng kopra ng niyog) ay panatiliing pribado at nasa kamay nina Cojuangco at Maria Clara Lobregat (pangulo ng Philippine Coconut Producers' Federation o COCOFED). Dahil naipon ang pondong ito mula sa buwis na ibinayad ng mga magsasaka sa niyugan mula 1973 hanggang 1982, inaangkin ng mga ito ang pag-aari sa naturang pondo. Bilang pampalubag-loob, mula sa pondong ito, maglalaan na lamang daw ng P50 bilyung ilalagay sa trust fund (seguro sa bangko) para diumano sa rehabilitasyon ng agrikultura ng niyog. Hahawakan ito ng COCOFED. Ayon sa People's Consultative Assembly, kikita diumano ng P20 bilyon si Macapagal-Arroyo mula sa kasunduang ito. Ayon din sa PCA, kumita si

Macapagal-RArroyo ng may P3 bilyon, kapalit ng hindi pagtutuloy ng mga kaso laban kay Lucio Tan. Kumita rin umano si Macapagal-Arroyo ng \$16 milyon sa kontrobersyal na aregluhang IMPSA na kinasangkutan ni Sec. Hernani Perez ng Department of Justice.

Ang People's Consultatie Assembly ay isa sa mga grupong aktibong sumuporta kay Macaagal-Arroyo noong panahon ng Edsa 2. Umpisa ng pagbatikos ng PCA sa rehimen ang pagsiwalat sa umano'y katiwalian ng unang ginoo na si Miguel Arroyo.

Samantala, ibinunyag naman ng negosyanteng si Pacifico Marcelo na naggiit si Macapagal-Arroyo ng kontrol sa mayoryang interes (51%) ng kanyang kumpanyang Philippine Communications Clearinghouse Inc. (PCCI). Batay sa konsepto nito, ang PCCI ay isang sentro na dinadaanan ng lahat ng mga tawag mula sa iba't ibang lambat pangkomunikasyon. Tinatayang aabot sa \$1.1 bilyon taun-taon ang kikitain nito sa 20% lamang ng lahat ng dumadaang tawag. Ani Marcelo, matapos ipilit ni Arroyo na hindi ang PCCI, kundi ang kampo ni Arroyo, ang magtatayo ng ganitong sentro (clearinghouse), ay nakansela na ang lahat ng kanyang mga kontrata.

BATAS SA PANDARAMBONG, PINAGTIBAY NG KORTE SUPREMA

Parang nabunutan ng malaking tinik ang nababahalang demokratikong pwersa at mamamayan nang tanggihan ng Korte Suprema nitong Nobyembre 19 ang panukalang isinampa rito nina Estrada na kumwestyon sa batas sa pandarambong. Ayon sa mga abugado nina Estrada, hindi malinaw ang batas at hindi ito umaayon sa konstitusyon ng gubyerno, kayat lumalabag sa karapatan sa makatarungang proseso.

Sa botong 10 na tumanggi sa mosyon, apat na sumang-ayon at isang di bumoto, kinilala ng Korte Suprema ang pag-ayon ng batas sa konstitusyon. Sa gayon, mananatiling nakakulong at hindi maaaring magpyansa ang magamang Joseph at Jinggoy Estrada at, kung mapatutunayan ngang maysala sa pandarambong nang P50 milyon o mahigit na halaga, maaari pa silang mahatulan ng parusang kamatayan.

Samantala, patuloy pa rin ang

mabagal, magulo at puno-ngintriga na takbo ng paglilitis sa mga Estrada. Kabi-kabila at sari-sari pang mga kahilingan, drama, gimik at maniobra ang ginagawa ng mga Estrada upang lalo pang maantala at mabarahan ang paglilitis sa layuning maabutan nito ang pagbabago sa kalagayang pampulitikang mas paborable para sa kanila. Pinalalaki nilang problema ang kung anu-anong minor na sakit ng mag-amang Estrada. Paulit-ulit ang paggigiit ▶ ■ nilang sa US ipagamot ang sakit sa tuhod ni Estrada dahil sa US lamang ito diumano maaaring magamot nang mahusay. Gayundin, iginigiit nilang sa US ipaopera ni Estrada ang katarata sa mata niya. Ayon naman sa mga dalubhasa sa medisina sa bansa, may kakayahan silang gamutin ang simpleng sakit niya sa tuhod, ang katarata sa mata niya at lahat ng iba pang inaangal niyang sakit.

KUTSABAHANG MARCOS-TAN, KINUMPIRMA NI IMELDA

Sa kauna-unahang pagkakataon, naibunyag ni Imelda Marcos na ang kanyang asawang diktador na si Ferdinand Marcos ang tunay na nagmamay-ari ng karamihan sa mga kumpanyang nasa pangalan ni Lucio Tan, kabilang ang Foremost Farms Inc., Asia Brewery Inc., Fortune Tobacco Corp. at ang Himmel Industries, ang pinakapuno ng lahat ng mga kumpanyang ito.

Bago nito, inamin lamang ni Imelda na nakabili si Marcos ng bahagi ng mga kumpanya ni Tan. Sa bagong impormasyong kanyang ibinunyag, sinabi ni Imelda na nagkutsabahan si Marcos at si Tan sa paghahatian ng kanilang yaman.

Ayon kay Imelda, bandang huli ng dekadang 1980 ay nagkasundo ang diktador at si Tan na ikonsolida ang kanilang mga interes sa iba't ibang negosyo sa ilalim ng iisang kumpanyang pinangalanang Shareholdings, Inc. Ayon pa sa kasunduan, naghatian nang 60-40 pabor sa mga Marcos. Nagbuo ng tatlong holding companies (kumpanyang nangangasiwa sa samutsaring interes ng may-ari nito sa iba't ibang kumpanya): dalawang mangangasiwa sa mga interes ni Marcos, at isa, kay Tan.

PNB, INIHAHAIN NG GUBYERNO KAY LUCIO TAN

Binibigyan ng gubyerno si Lucio Tan ng unang prayoridad upang ibayong makapagpalaki ng porsyento ng pag-aari niya sa Philippine National Bank sa panibagong plano para sa lubusang pribatisasyon ng bangko.

Noong taong 2000, napasakamay ni Tan ang 46% pag-aari sa PNB sa pamamagitan ng nilutong murang bentahan ng sapi ng gubyerno. Noong nakaraang taon, nagbuhos ang gubyerno ng P25 bilyong pautang sa bangko upang lutasin ang mga problemang pampinansya ng bangko, tulad ng mga di nababayarang pautang nito. Noong katapusan ng Setyembre, umabot na ito sa 53% o P51.6 bilyon. Nananatili pa rin ang mga problemang ito, kayat tinatayang kailangan ng bangko ng rehabilitasyon upang gawing mas kaaya-ayang ibenta.

Sa panimulang programa para sa rehabilitasyon ng bangko, papawiin ang P25 bilyung utang nito sa gubyerno sa pamamagitan ng pagtatransporma ng mga utang sa mga sapi sa bangko. Sa gayon, ang dating 16% na pag-aari ng gubyerno sa bangko ay aakyat sa 44.95%. Magreresulta ito sa relatibong pagbaba sa 44.95% ng pag-aari ni Tan sa bangko mula sa kasalukuyang 46%. Sa pagpantay ng pag-aari ng gubyerno at ni Tan, maaari nang magpasok sa bangko ng mga tauhan at karagdagang tulong ng gubyerno para sa pangangasiwa at rehabilitasyon ng bangko. Upang malubos ang

programang ito, tinatayang kakailanganin pa ang karagdagang P10 bilyon. Manggagaling ito sa pagbebenta ng mga sapi ng gubyerno ayon sa programa para sa lubusang pribatisasyon ng bangko.

Nais ng gubyerno na ibenta ang kabuuang sapi nito sa PNB alinsunod sa dikta ng IMF. Pinaplantsa nito ngayon ang kasunduan upang maialok kay Tan ang pagkakataong mauna sa lahat na makabili ng mga sapi ng gubyerno at magkaroon ng supermayoryang kontrol sa bangko. Interesado si Tan na lubusang kontrolin ang PNB sapagkat ang Philippine Airlines at iba pang kumpanyang pag-aari niya ay kabilang sa pinakamalalaking may-utang sa bangko.

RPA, UMAMING PRIVATE ARMY NI COJUANGCO

Inminm ng Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB) na sila ay *private army* ng kroni ni Marcos at Estrada na si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr.

Inamin ni Carapali Lualhati, lider ng RPA, na pinoprotektahan nila ang isang kontrobersyal na "korporatibong" proyekto ni Cojuangco sa Pinggot, Ilog, Negros Occidental. Tinututulan iyon ng mga magsasaka sapagkat sasaklawin nito ang mga lupaing kanilang binubungkal. Samantala, patung-patong na ang mga kaso ng pangingikil ng RPA-ABB sa mga magsasaka, konsesyuneryo ng buhangin at graba, may-ari ng maliliit na tindahan at maging sa mga pulitiko.



MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA, MULING INILUNSAD SA NEPAL

Matagumpay na inilunsad ng mga mandirigmang gerilya ng Partido Komunista ng Nepal (PKN-Maoista) ang tatlong koordinadong taktikal na opensiba nitong Nobyembre 23. Tatlumpu't dalawang tropa ng reaksyunaryong hukbo at pulisya ang namatay sa mga opensibang inilunsad sa rehiyong Syangja sa kanlurang bahagi ng Nepal.

Ang mga atakeng ito ay hudyat ng pagwawakas ng kasunduang tigil-putukang namagitan sa gubyerno at PKN-Maoista matapos na ibasura ng gubyerno ang mga kahingian para sa pagwawakas ng monarkiyang konstitusyunal at pagtatatag ng isang estadong republikano.

Samantala, idineklara ni Haring Gyanedra ang *state of emergency* nitong Nobyembre 27 at iniutos ang pagsasara ng mga dyaryong maka-Kaliwa, pagbabawal sa mga demonstrasyon at pagaresto sa mga pinaghihinalaang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Bilang pagtutol dito, nakatakdang maglunsad ng pangkalahatang welga sa Disyembre 7 ang mamamayang Nepalese.

Ang PKN-Maoista ay nagsusulong ng isang pambansa-demokratikong rebolusyon sa Nepal, isang bansa sa South Asia sa pagitan ng India at China. May populasyon itong 24 milyon.

RESESYON NA SA U.S., GERMANY AT JAPAN

Magkakasunod na inamin ng mga ekonomista at upisyal ng tatlong pinakamalaking imperyalistang kapangyarihan na nasa resesyon ang kanilang mga ekonomya. Ito ang kauna-unahang pagkakataon mula 1970 na magkakasabay na bumagsak sa resesyon ang US, Japan at Germany.

Upisyal na idineklara nitong Nobyembre 26 ng National Bureau of Economic Research ng US na nasa resesyon ang ekonomya ngn US simula noong Marso 2001. Ito ang ika-10 resesyon ng US mula noong katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Inaasahang babagsak pa nang 1.5% ang ekonomya ng US sa huling kwarto ng taon. Tinatayang tatagal ang resesyon hanggang sa kalagitnaan ng taong 2002.

Ayon sa pamantayang gamit ng mga ekonomista, sinasabing nasa resesyon ang isang ekonomya kung dumanas ito ng pagbagsak ng lokal na produksyon sa loob ng dalawang magkasunod na kwarto.

Bumagsak naman nang 0.1% ang ekonomya ng Germnany nitong Hulyo-Setyembre 2001. Tinatayang babagsak pa ito nang 0.1-0.2% sa huling kwarto ng taon.

PABATID

Mayroon nang edisyong Iloko ng *Ang Bayan (AB)*. Ito ay tugon sa malaon nang kahilingan ng masa at rebolusyonaryong pwersa sa Ilokos-Kordilyera, Cagayan Valley, hilagang bahagi ng Gitnang Luzon at iba pang lugar, na magkaroon ng bersyon ng *AB* at iba pang rebolusyonaryong babasahin sa wikang Iloko. Hinihikayat ng *AB* ang mga mambabasa na magpaabot ng mga komentaryo nila hinggil sa bagong edisyong ito ng *AB*, tungo sa ibayong pagpapahusay nito.